INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 3, ISSUE NO. 11


# "ISANG DIPANG LANGIT" NI AMADO V. HERNANDEZ: ISANG MULTIKRITIKONG PAGSUSURI

**DOI: 10.5281/zenodo.19496488**

**JEANALYN C. ESCARAN**
Mag-aaral,Graduate School of Education, University of the Visayas
ORCID: 0009-0007-3575-774X
Jeanalynescaran86@gmail.com

**MIRAFLOR I. SALDUA, DALC-FILIPINO (Cand.)**
Propesor,Graduate School of Education, University of the Visayas
ORCID: 0000-0002-9067-0184
salduamiraflor@gmail.com

## ABSTRAK

Ang pananaliksik na ito ay isang pagsusuri sa tulang "Isang Dipang Langit" ni Amado V. Hernandez gamit ang isang multikritikong dulog ng teoryang pormalismo, realismo, at historikal. Ang akda ay itinuturing na isa sa mga pinakadakilang akda ng panitikang Pilipino. Nilalayon ng pag-aaral na ito na masuri ang mga patayutay na pahayag na nakapaloob sa tula; masuri ang pagkakabuo ng tula ayon sa: uri, sukat at tugma, Indayog o Diwa, Simbolismo, at Mensahe at Aral. Tinutukoy rin dito ang mga kaganapan sa lipunang Pilipino na ipinahiwatig ng tula at ang pagsusuri sa pagka-epektibo ng paggamit ng patayutay na pahayag sa pagpapalawak ng mensahe ng tula at pagbibigay inspirasyon sa mga mambabasa. Ang pag-aaral na ito ay isang kwalitatibong pananaliksik sa tulong ng panunuring pampanitikan ***(literary analysis).*** Batay sa mga natuklasan sa pagsusuri, napag- alaman na ang tulang "Isang Dipang Langit" ay nakapalooban ng mga tayutay na pahayag gaya ng: simile o pagtutulad, metapora o pagwawangis, hayperbole o pagmamalabis, personipikasyon o pagsasatao, at oksimoron o pagtatambis. Hinggil naman sa pagkakayari ng tula, ang tula ay isang halimbawa ng tulang pandamdamin kung saan ito ay nagpapahayag at naglalarawan sa damdamin ng tao gaya ng pagkalungkot at kawalan ng pag-asa at iba pang damdamin na namumutawi sa tula. Sumusunod din sa tiglalabindalawahan ang bilang ng pantig sa tula subalit walang tugma ang nabubuo. Kakikitaan din ng mga simbolismo gaya ng Isang Dipang Langit na tumutukoy sa pag-asa sa gitna ng paghihirap ng persona sa loob ng kulungan. At ang aral sa tula ay nagpapahiwatig na sa kabila ng pang-aapi, kawalan ng kalayaan, at matinding pighati, ang tao ay may kakayahang lumaban, magtiyaga, at makamit ang katarungan at kalayaan. Ang aral nito ay unibersal: ang determinasyon, katatagan ***(resiliency),*** at paninindigan sa tama ay pundasyon ng personal at panlipunang paglaya at sa anumang unos na dumarating sa buhay ng tao, mananatili lamang na metatag at magkaroon ng pag-asang makalaya sa mga pagsubok at hamon sa buhay. Mainam din na mananaig ang pananampalataya sa Dakilang Lumikha na Siyang tunay na Makata ng buhay. Iminumungkahi sa pag-aaral na ito na magkaroon ng pagsusuring pampanitikan upang mabigyang pagpupugay ang mga dakilang panulat ng mga makatang Pilipino.

*Susing Salita: Pagsusuri, Multikritikal, Isang Dipang Langit, Panitikan*

## Panimula

Ang panitikan ay sumasalamin sa buhay ng tao. Itinatala rito ang mga pangyayaring nagaganap sa kanyang buhay, sa lipunang kanyang ginagalawan at ang mga pangyayaring sumasaklaw sa kasaysayan at sa kanyang mga nakaraan. Kung kaya, ang panitikan ay maituturing bilang ang batis ng karunungan dahil sa bawat paggalaw ng tao nadaragdagan ang kanyang kaalaman at karunungang taglay at gayon din ang magkakaroon ng mayamang karanasan (Arrogante (1983)mula sa pag-aaral ni Meneses (2021). Ito ay nagsisilbi ring talaan ng buhay kung saan naglalahad ang isang tao ng mga bagay na kanyang napapansin sa paligid sa pamamagitan ng pagsusulat ng akdang pampanitikan. Kung kaya't dito naipakitta ang mga suliraning kinakaharap sa lipunan na nag-iwan ng kakintalan sa mga mambabasa.

Ang panitikan ng Pilipinas ay nagsimula sa tradisyon pasalita kung saan ay sinasabi at binibigkas ito ng mga tao upang maipapasa at maipaparinig ng iba. Kagaya na lamang ng mga bugtong, salawikain, alamat, mito, awiting bayan, kwentong bayan at marami pang iba kung saan upang maipasa ito sa susunlod na henerasyon kanila itong

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 3, ISSUE NO. 11


binibigkas kung kaya ang panitikan ay naipapasa mula sa unang henerasyon patungo sa susunod pang henerasyon hanggang nakarating na ito sa atin ngayon. Ang mga kaisipan, paniniwala at kaakaman ay naipapasa mula sa isang henerasyon patungo sa isa sa pamamagitan ng pasalita, at mula sa pasalita, isinulat na ng mga sinaunang Pilipino ang kanilang nalalaman kaya naman napanatili at napapagaan ang Panitikang Pilipino.

Ang tula ay isang halimbawa ng genreng pampanitikan na naglalayong maipahayag ang kaalaman at damdamin, karanasan at imahinasyon sa malayang pagsusulat gamit ang malikhang paraan gaya ng paggamit ng mga simbolismo, tayutay at mga patalinghagang pahayag( Lumbera 2017).

Isa itong uri ng panitikan na nagpapahayag ng damdamin ng tao at binubuo ng saknong at taludtud. Ang tulang “Isang Dipang Langit” ni Amado V. Hernandez ay itinuturing na isa sa mga pinakamakapangyarihang akda ng panitikang Pilipino. Sinulat niya ang tulang ito habang siya ay nasa piitan, ang tono ng tulang ito ay malungkot, puno ng poot at kahirapan ng loob gaya ng pagdurusa na kanyang nararanasan sa mapang-aping Lipunan. Dito ginamit ng makata ang masining na paraan ng pagpapahayag kabilang ang patayutay at patalinghagang pahayag upang maipalakas ang matinding damdamin, paninindigan, at adhikain para sa Kalayaan at katarungan.

Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga patayutay na pahayag, ang pananaliksik na ito ay nagbibigay-linaw sa mas malalim na kahulugan ng tuulang “Isang Dipang Langit” at kung paano nito naipahahayag ang sitwasyon sa Lipunan, ang masalimuot na karanasan ng isang makata sa ilalim ng rehimong mapanupil. Bukod dito, sisiyasatin kung paano nagiging instrumento ang tula sa pagpapalaganap ng diwa ng paglaban para sa kalayaan at katarungan. Ibinahagi ni Arbasto (2019), na ang pagsusuri ng tula ay napakahalaga. Naggawa nitong mapalutang ang mga matatayog at malalalim na konsepto na nababalot sa mga patalinghagang pahayag, kung kaya, sa pagsusuri ng tula, nagawa nitong tuklasin ang totoong kahulugan at tunay na katotohanang nakatago sa likod ng mga salitang mabulaklak at matalinghaga.

Bilang isang guro na nagtuturo ng wikang Filipino at Panitikan ng Pilipinas, naging mahalaga para sa mananaliksik ang magkaroon ng malalim na pag-unawa, pagpapakahulugan na nakapaloob sa piling tula at ang ilang mga elemento sa pagsusuri ng tula gaya ng pagsusuri sa anyo, persona, saknong, tugmaan, sukat, kariktan, simbolismo at talinghaga o tayutay. Ayon pa kay Lumacad (2019), ang tayutay ay napakahalaga. Itinuturing ito bilang ang kaluluwa ng panitikan. Nagawa ng tayutay na gawing maharaya ang pagpapahayag kung kaya hindi tuwiran o lantaran ang diwang ipinararating. Ito ay nakapaghahamon ng isip dahil sinisikap ng tagasuri o tagapakinig na mapalilitaw ang diwang ibig na iparating ng manunulat sa kanyang mga tagapakinig o mambabasa. Kaya nararapat sa isang guro ng panitikan na alamin ang mga tayutay na nakapaloob sa akda upang lubos itong maiakma o maiangkla sa kanyang pagtuturo ng panitikan para sa kanyang mga mag-aaral.

Dagdag pa rito, ang komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon (CHED), sa pamamagitan ng CMO 17, taong 2017, ay nag- uutos ng pagkakaroon ng kursong panitikan (6 units) sa mga kurikulum sa tersyarya. Kaya nararapat para sa isang propesor sa kolehiyo na maging marunong at maalam sa mga estratehiya sa pagtuturo ng panitikan. Mas mabilis din ang pagkatuto ng mga mag-aaral kapag ang guro mismo ay may malalim nap ag-unawa sa paksang kanyang ibinabahagi. Napansin ding ng mananaliksik na magiging malaking tulong ang kinalabasan ng pag-aaral na ito bilang dagdag na babasahin at sanggunian para sa mga estudyante ng BSED-major sa Filipino. Nais ng mananaliksik na maipakita sa mga mag-aaral kung paano isinasagawa ang masusing pagsusuri ng isang akda gamit ang teoryang pampanitikan, gaya ng Realismo at Pormalismo. Sa ganitong paraan, magiging konkreto para sa kanila ang mga teoryang tinatalakay sa klase at mas madali nilang magagamit ang mga ito sa kanilang sariling pagsusuri. Dagdag pa rito, ang pananaliksik na ito ay nagpapakita ng kaugnayan ng tula sa kasalukuyang kalagayan ng lipunan. Ang isyung binibigyang-diin sa akda ay hindi nalalayo sa mga karanasang nararanasan ngayon. Mahalaga para sa mga mag-aaral na makita ang panitikan bilang salamin ng lipunan, upang mas maihanda ang mga mag- aaral na maging mapanuri at handa sa mga hamon sa buhay. Kaya nilalayon ng pananaliksik na ito na suriin ang mga patayutay na pahayag sa tulang “Isang Dipang Langit” upang maunawaan ang masining na paraan ng pagpapahayag ng damdamin at ideolohiya ng makata. Tinutuklas din sa pag-aaral na ito ang realismong panlipunan sa panahon ng pagsulat ng tulang nabanggit. Sa pamamagitan ng pagsusuri, inaasahang maipapaliwanag ang kahalagaahan ng patayutay bilang bahagi ng panitikan at ng kasaysayan ng pakikibaka para sa katarungan.

Dagdag pa rito, ang pag-aaral na ito ay mahalaga dahil ito ay nakapagbibigay ng malaking ambag para sa mga estudyante upang magabayan sila nang maayos hinggil sa pagbuo ng papel-pananaliksik. Para sa mga mananaliksik naman at sa mga mananaliksik sa hinaharap, mauunawaan nila ang kahalagahan ng pagsusuring pampanitikan. Makatulong ito kung paano tinatalakay at isinasaayos ang mga pahayag sa konteksto ng piniling paksa gamit ang terminolohiya gamit ang wikang Filipino, sa ganitong paraan malilinang ang kanilang kahusayan sa paggamit ng wika at higit sa lahat ang paraan ng pagsusuri gamit ang tula at ang mga elemento nito. Para sa mga guro o edukador naman, sa pamamagitan ng pag- aaral na ito ang pagsusuring pampanitikan, maituro nila nang maayos sa kanilang mga estudyante ang tamang paraan ng pagsusuri.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 3, ISSUE NO. 11



**Batayang Teoretikal ng Pag-aaral**

Ang pagsusuri na ito ay nagpapalagay na ang tulang "Isang Dipang Langit" ni Amado V. Hernandez ay kinapalolooban ng mga patalinghagang pahayag gaya ng mga tayutay at simbolismo kakitaan din ang akdang ito ng mga pahayag at pangyayari na batay sa aspeto ng totoong buhay sa pamamagitan masusuring paglalarawan ng mga pangyayari, karakter, at karanasan na maaaring makatagpo ng tao sa pang-araw- araw na buhay.

Ang pagpapalagay na ito ay pinagtitibay ng mga pampanitikang teoryang Pormalismo at Realismo. Ginagamit sa pag-aaral ang mga teorya upang magkaroon ng sapat na katibayan at patunay sa mga datos na inilahad.

Ang **Teoryang Pormalismo** ay isang teoryang pampanitikang nagbibigay- pansin sa mga istruktura o pagkakabuo ng akda. Isa sa mga tinitingnan ay ang kabisaan ng akda gamit ang matatalinghagang pahayag. Binibigyang-tuon dito ang isang akdang pampanitikan ay mayroon bang sariling buhay at umiiral sa sariling paraan, nasa porma ng akda ang kasiningan nito at may mga elemento ang isang akdang pampanitikan at ang bawat isa ay kaugnay ng iba pang elemento upang maging mahusay ang akda. Masasabing nasa porma o kaanyuan ng isang akda ang kasiningan nito. Binubuo ang porma ng mga imahe, diskusyon, sukat, estilo, dialogo, banghay at iba pang estilo upang magkaroon ng buong kahulugan ang akdang kailangang makakaakma ang porma at nilalaman (Crowley,

Figure 1. Balangkas konseptwal ng Pag-aaral




2024). Isang teoryang pampanitikan na nagbibigay-tuon sa pagkakabuo ng teksto at minsan ay nakapalooban din ng diskurso ng mga kritisismo. Tinitingnan at binubusisi ng mga kritisismo ang katumpakan ng akda ayon sa estilo, porma, banghay, balangkas, nilalaman at paksa. Sa panitikan ang pormalismo ay nagtatalakay sa dulog kritisismo hinggil sa pagsusuri at pagpapakahulugan at paghahambing sa pisikal na anyo ng isang akdang isinulat. Ang mga pisikal na anyong ito ay hindi lamang nakatuon sa tamang paggamit ng grammar o balarila at sintaks kundi nagbibigay pansin din ito sa ilan pang sangkap na ginamit sa pagbuo ng akda gaya ng sa tula ay ang sukat at tugma, saknong at taludtod, mga simbolismo at ang nilalaman nito. Para sa mga kwento naman ay binibigyang pansin din ang balangkas ng mga pangyayari at paraan ng paglalahad, ang tagpuan, mga tauhan, tema o paksang diwa, kasukdulan, tunggalian,

kakalasan at wakas ng kwento. Matamang tinitingnan at binubusisi ang kabisaan ng mga ito upang makapaglahad ng isang maganda at malinaw na akda.

Sa pagsusuri gamit ang dulog pormalismo ay binabawasan dito ang kahalagahan ng kasaysayan, biograpiko at kultural na nilalaman ng teksto. Binibigyang empasis dito ang porma at ayos ng isang akdang pampanitikan para matukoy ang kanyang kahulugan na nagbibigay naman pansin sa mga sangkap nito gaya ng mga pangyayari, mga tauhan, tagpuan, dayalogo, mga simbolismo at istrukturang ginamit at ang pananaw ng may-akda. Ayon sa isang Pormalista, ang pangunahing pokus ng kritisismo rito ay ang mismong akda kung paano ito binuo kaysa pagbusisi at pagtingin sa kasaysayan na nakapaloob sa teksto o maging sa buhay ng manunulat.

Ipinakilala ang teoryang Pormalismo noong ika-20 siglo bilang tugon at pagtutol sa teoryang pampanitikang Romantisismo na kung saan ay nakasentro sa sining at malikhaing pag-iisip ng isang indibidwal at sa halip ay mailalagay at mabibigyang pansin ang teksto at kung papaano ang porma na nakapagbigay-ganda nito.

Ang Pormalismo ay isang madalas na ginagamit bilang pamumuna sa mga panpanitikang akda sa Estados Unidos mula sa katapusan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig hanggang sa taong 1970. Subalit sa katapusan ng 1970, ang Pormalismo ay napalitan ng mga maraming dulog pampanitikan na nakapagkilala sa ideyang na ang akdang pampanitikan ay maaaring mahiwalay sa kanyang orihinalidad at gamit.

Ang binibigyang pansin ng Pormalismo ay ang pagbibigay at pagbusisi sa isang akdang pampanitikan hinggil sa anyo at porma kasali na rito ang mga elemento ng isang kwento tulad ng mga tauhan, tema, banghay, tagpuan, simbolismo, lenggwahe at pananaw. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga ito, magkakaroon ng mga magagandang akda sa hinaharap. Ayon sa Pormalista, ang pinakamahalagang sa isang akda ay ang pagtuklas sa pamamagitan ng isang komprehensibo at matamang pagsusuri sa mga element na nagbibigay kulay nito. Ang pinakapangunahing pamamaraan sa Pormalismo ay ang intektwal na pagbabasa sa teksto na may pagbibigay ng pansin sa mga simbolismo, mga tayutay at ang imahe nito na kung saan ay nagpapahiwatig ng isang aksyon o pagkilos at kung papaano ang paggamit ng wika ng manununulat ay nakakakuha ng pansin at nakapagbibigay ng kahulugan sa mensaheg ipinahiwatig.

Layunin ng Pormalismo na maipakita ang anyo, porma, estilo at ganda ng akda upang maiparating sa mambabasa ang nais ipaabot na mensahe. Samakatuwid, kung ano ang sinabi ng may akda sa panitikan ay siyang nais niyang ipaabot sa mambabasa. Nakapalooban kung minsan ang ibang akda ng mga simbolismo na humingi ng higit pang malalimang pagsusuri at pag-uunawa.

Sa Pormalismo, pinagtutuunan ng pansin ang istruktura o pagkabuo ng akda. Ang kabisaan ng pagkagamit ng matatalinghagang pahayag gaya ng mga idyoma o sawikain, mga kasabihan, mga kawikaan, mga tayutay, ang sukat, tugma, ang kaisahan ng mga bahagi, ang teknik na ginamit ng manunulat sa pagkakabuo ng akda.

Ang isa pang teorya na ginagamit sa pag-aaral na ito ay ang **Teoryang Realismo** ni Hendrik John Ibsen. Kinikilala siya bilang “Ama ng Pampanitikang Realismo”. Ang teoryang Realismo ay isang teoryang pampanitikan na tumatalakay sa tunay na kaganapan sa buhay ng tao at ang mga pangyayari sa lipunang kanyang ginagalawan gaya ng kahirapan, kawalan ng katarungan, o kaya’y ang pagtutulungan at pagdadamayan ng mga tao sa isang komunidad (Banao, 2022).

Nagbanggit ni Arbasto (2019), sa kanyang pag-aaral na malaki ang ginagampanan ng pagsusuri ng tula gamit ang teoryang realismong sapagkat natutukoy ang katotohanan sa pagpapahalagang pantao, panretorikang pananaw at kalagayang panlipunan na isinasabuhay ang paksa, tema, patalinghagang pahayag at simbolismo kung saan nakatutulong ito sa pagkatuto bilang lunsaran ng pagtuturo ng panitikan. Sa teoryang realismo ibig ng makata na maipakita at maipahayag ang mga aspeto ng totoong buhay sa pamamagitan ng masusing paglalarawan ng mga pangyayari at sa mga kaganapan sa kanyang buhay na nangyayari sa araw-araw ng kanyang pakikibaka gaya na lamang ng pagtatrabaho upang may pangkabuhayan, pakikilahok sa gawain sa lipunan gaya ng paglilinis sa paligid, pagdadamayan sa mga problemang kinakaharap ng karamihan at iba pang mga mahahalagang panyayari sa buhay ng bawat isa na ibig ng may-akda na tumatak sa puso ng bawat isa ang mga kaganapan sa buhay na tunay na nagyayari at tiyak na di mag-iwan ng di maburang impresyon ng bawat isa.

Ang teoryang realismo ay tumatalakay sa katotohanan sa lipunan. Karaniwan nitong paksa ang kalagayan na mangyayari sa lipunan tulad ng kurapsyon, katiwalian, kahirapan at diskriminasyon. Ang layunin ng panitikan ay ipakita ang mga karanasan at nasaksihan ng may-akda sa kanyang lipunan sa makatotohanang pamamaraan. Ipinaglaban ng teoryang realism ang katotohanan kaysa kagandahan. Ang realismo ng panitikan ay kabilang sa realistang pagkilos ng sining na nagsimula noong kalagitnaan ng Ika-19 siglo ng panitikang Pranses, at panitikang Ruso at umabot hanggang sa hulihan ng Ika-18 siglo at simula ng Ika-20 siglo (Nibalvos, 2019).

Ang tulang “Isang Dipang Langit” ni Amado V. Hernandez ay naglalarawan ng reyalidad na pagiging bilanggong pulitikal, kawalan ng hustisya at kalagayan ng lipunan. Kaya, susuriin ang tulang nabanggit gamit ang

realismong pagdulog sapagkat nagbibigay ito ng mas malalim na pag-unawa sa tunay na kalagayan ng lipunan. Tinutulungan nito ang mambabasa na maging mas kritikal sa mga isyung panlipunan at makisimpatya sa mga tao o sektor na apektado ng mga ito.

Ang **Teoryang Historikal** ay ang isa pang teoryang ginamit sa pag-aaral na ito. Ito ay nakatuon sa impluwensya ng kasaysayan at lipunan sa paglikha ng isang akda. Tinitingnan nito ang talambuhay ng may-akda, ang sitwasyong politikal at kultural sa panahong isinulat ang akda, at ang tradisyon at kombensyong nakaimpluwensya dito.

Sa teoryang historikal, binibigyang pansin dito ang mga mahahalagang nagyayari sa kasaysayan na nababakas sa mga kaganapan ng buhay ng pangunahing tauhan sa kwento. Saklaw sa mga kanapang ito ang mga suliraning pampulitikal, sosyal, at panlipunan na tunay na nakaaapekto sa kung paano gumalaw ang mga tao sa kanyang kinabibilangang mundo (Dinglasan 2010). Mahalaga ang mga pangunahing mapagkukunan ng datos kung ang teoryang historikal ang tinutukoy gaya ng mga taong nabubuhay sa panahong iyon at nakakasaksi sa buong kaganapan. Kagaya na lamang sa nangyaring *Martial Law o People Power* na sumiklab at nagyari sa bansa natin. Mahalagang may makakapagpatibay ng mga pangyayaring nagaganap sa EDSA revolution gaya na lamang ng mga taong buhay pa noong panahong nangyari ito. Dito, makatitiyak tayo na totoo lahat ng mga impormasyong ating inilalahad dito kay sa mga nasa pangalawang source na lamang tulad ng nababasa natin sa mga aklat o kaya'y naririnig natin mula sa ibang tao.

Ang isa pang teoryang ginamit sa pananaliksik na ito ay **ang Teoryang Bayograpikal.** Ang teoryang ito ay tumutukoy sa sariling karanasan ng may-akda na nag-udyok sa kanya para magsulat, maaaring ito'y tungkol sa kanyang buhay pag-ibig o karanasan sa pagkabata. Ang buhay mismo ng sumulat ng akda ang inilalarawan sa mga kaganapan sa pangunahing tauhan sa kwentong inilalahad. Isinasaad sa teoryang bayograpikal ang nangyayari sa buhay ng may akda sa alinmang bahagi ng kanyang buhay, ito ma'y sa kanyang kabataan, sa kanyang paglaki, sa kanyang pakikipagsapalaran sa buhay, o maging sa kanyang pagkamatay. Sa pagsasagawa rito, narapat na suriing maigi ang buong kaganapan sa buhay ng may-akda bago ang isang tagapagsuri ay makapagsimulang magsuri sa kaganapan sa buhay ng mga tauhan sa akdang kanyang isinusulat at ibinabahagi.

Ayon kay Ramos at Mendiola (2024), mahalaga rin ang paggamit sa teoryang bayograpikal sa pagsusuri ng akda dahil dito natin lubos na maunawaan ang kaganapan sa kanyang buhay, ang sitwasyon sa lipunan, at ang mga paraan kung paano ang may-akda kumilos at tumugon sa mga suliranin sa buhay at kung anong hakbang ang kanyang gagawin upang malampasan ang mga hamon sa buhay.

Sa madaling salita, ang mga teoryang pampanitikan gaya ng teoryang Pormalismo, teoryang Realismo, teoryang Historikal, at teoryang Bayograpikal ay ang apat na teoryang ginamit sa pag-aaral na ito upang mas lalong masuri nang maayos ang napiling akda sa paraang obhektibo at walang kinikilingan. Ninais ng tagapgsuri na maihatid sa mga mambabasa ang mga impormasyong dapat nilang malaman sa layuning sila ay magkakaroon din ng makatuwirang pagpapasya hinggil sa kanilang buhay at sa bawat desisyon na kanilang gagawin batay sa mga kaganapan sa buhay na natutuhan.

**Mga Kaugnay na Literatura**

Ang tula ay isang akdang pampanitikan na naglalahad ng damdamin ng tao hinggil sa isang sitwasyon o paksa gaya ng damdaming pagkatuwa, pagmamahal, pag-asa o kaya'y ang damdamin ng pagkatakot, pagkamuhi, paghihiganti at iba pa. Ito ay binubuo ng mga saknong at mga taludtod. Isa sa mga elemento ng tula ay ang talinghaga. Ito ay ang mga salitang nagbibigay sining at kariktan ng tula gaya ng mga simbolismo, idyoma at tayutay. Ang kayarian ng tula ay kinapalooban ito ng mga sumusunod na elemento tulad ng: uri ng tula, sukat at tugma, indayog o diwa, tayutay, talasalitaan, simbolismo, ang paksa at himig ng tula at pati na rin ang mensahe at ang aral nito.

Winika ni Casanova et al. (2021), na ang tayutay ay sinandyang paglayo sa karaniwang paggamit ng salita upang pasarapin ang pag-unawa at gawing maharaya ang isang pagpapahayag. Kung gayon ang paggamit ng tayutay ay nakapaghahamon ng isip kasi kailangan mong tuklasin ang tunay na diwang nais na iparating ng manunulat na gumagamit ng patalinghagang pahayag sa kanyang pagsusulat o kaya'y sa pagsasalita.

Inilalarawan ang tayutay bilang isang kaluluwa ng panitikan, sa kung saan ay ibig mong matuklasan ang mga nakatagong kahulugan nito. Kaya bilang mga guro, bilang tungkulin tayong alamin ang bawat isa upang lubusang maakma at ma-angkla ito sa pagtuturo ng panitikan sa mga mag-aaral.

Ayon naman kay Evasco et al. (2019), ang tayutay o ***figurative language*** ay wikang nagpapahayag ng kahulugan na iba sa literal na kahulugan nito. Trabaho ng mambabasa na intindihing maigi sa mensaheng bumabalot sa likod nga mga malalim na pananalitang ginamit sa pagkakabuo ng akda. Sinusuportahan din ito ni Bernales (2018), sinabi niya na ang tayutay ay ang kasangkapang panretorika na nahahati sa dalawa: kasangkapan sa paglikha ng tunog

o musika gaya na lamang ng mga pnapakinggan nating mga awitin na kung saan ay nakapalooban din ng mga simbolismo, mga tayutay, at mga patalinghagang pahayag, at kasangkapan sa pagpapasidhi ng guniguni at damdamin dahil nararapat na bilang isang mambabasa o tagapakinig mainam na alam mo ang mensaheng hatid ng akdang iyong binabasa o napakikinggan.

Winika rin ni Almario (2019) na hindi mamatawag na tula ang pahayag kung ito'y hindi naglalaman ng patalinghagang pahayag. Talinghaga ang salik ng hiwaga o palaisipan sa tula, "mesterio" kung ito'y tawagin dahil hindi lantarang inilalahad dio ang tunay na kahulugan ng diwang ipinahiwatig. Trabaho ngayon ng tagapgsuri na ipapalabas ang mesteriong bumalot sa tunay na diwa ng akda. Kaya hindi ito madali para sa sinumang magbalak na gumawa ng pagsusuri kasi kailangan niyang maging maalam siya sa wikang ginamit ng manunulat at dapat din magpapakadalubhasa siya sa wikang ito upang makatitiyak na tama ang kanyang ginawang pagsusuri.

Sa pagsusuri ng akdang pampanitikan lalo na ang tula ay maaring gagamitan ito ng iba't ibang teoryang pampanitikan gaya ng teoryang pormalismo at teoryang realismo. Sa pagsusuri gamit ang dulog pormalismo ay binabawasan dito ang kahalagahan ng kasaysayan, biograpiko at kultural na nilalaman ng teksto. Binibigyang emphasis dito ang porma at ayos ng isang pampanitikan para matukoy ang kahulugan na nagbibigay naman pansin sa mga sangkap nito (Crowley, 2024). Dagdag pa, ayon sa isang Pormalista, ang pangunahing pokus ng kritisismo rito ay ang mismong akda kung paano ito binuo kaysa pagbusisi at pagtingin sa kasaysayan na nakapaloob sa teksto o maging sa buhay ng manunulat.

Ipinakilala ang teoryang Pormalismo noong Ika-20 siglo bilang tugon at pagtutol sa teoryang pampanitikang Romantisismo na kung saan ay nakasentro sa sining at malikhaing pag-iisip ng isang indibidwal at sa halip ay mailalagay at mabibigyang pansinang teksto at kung papaano ang porma na nakapagbibigay ganda nito.

Ang Pormalismo ay isang madalas na ginagamit bilang pamumuna sa mga pampanitikang akda sa Estador Unidos mula sa katapusan ng 1970, ang pormalismo ay napalitan ng mga maraming dulog pampanitikan na nakapagkilala sa ideyang ang akdang pampanitikan ay maaaring mahiwalay sa kanyang orihinalidad at gamit.

Sa Pormalismo, pinagtutuunan ng pansin ang istruktura o pagkabuo ng akda. Ang kabisaan ng pagkagamit ng matatakinghagang pahayag gaya ng mga idyoma o sawikain, mga kasabihan, mga kawikaan, mga tayutay, ang sukat at tugma ang kaisahan ng mga bahagi, ang teknik na ginamit ng manunulat sa pagkakabuo ng akda. Nakapalooban kung minsan ang akda ng mga simbolismo at patayutay na pahayag upang magkaroong ng higit na pahayag pagsusuri at pag-unawa. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga ito, magkakaroon ng mga magagandang akda sa hinaharap.

Ang isa pang teoryang pampanitikan na maaaring gamitin sa pagsusuri ay ang teoryang Realismo. Tinatalakay sa teoryang ito ang katotohang nagaganap sa Lipunan ng tao. Ang totoong pangyayari na naranasan at nasaksihan ng may-akda sa lipunaang kanyang ginagalawan sa panahon na isinulat niya ang kanyang akda. Binibigyang-diin dito ang suliraning panlipunan gaya ng kurapsyon, katiwalian, kahirapan at diskriminasyon ng mga tao. Ibig ipakita rito ng may akda na ang kanyang isinulat ay makatotohanang nagaganap sa Lipunan.

Nang dahil sa katotohanang ipinalabas ng may-akda sa kaniyang mga naisusulat, maaaring magising ang damdaming makabayan ng mga Pilipino upang kalabanin ito at bigyang solusyon. Gaya na lamang sa dalawang nobelang sinulat ni Dr. Jose Rizal kung saan dahil sa temang pagkamakabayan nito ay nagising ang mga Pilipino sa realidad na tama na ang hirap na tiniis nila sa kamay ng mga Espanyol. Kaya nagkaroon ng pag-alsa at pagkakaisa ang mga Pilipino upang kalabanin ang mga kastilang mananakop at upang tuldukan na ang paghihirap ng mga Pilipino sa kamay ng mga mapang-abusong Espanyol.

Samakatuwid, ang teoryang realismo, ipinakita rito ang buong katotohanan nang sa gayon ay himukin ang mga manbabasa para sa agarang pagkilos upang mabigyang-solusyon ang kasalukuyang kaganapan sa lipunang ginagalawan ng tao.

**Metodolohiya ng Pananaliksik**

Sa bahaging ito, tinatalakay ang desinyo ng pananaliksik, ang pamamaraan ng pagsusuri, pinagmulan ng datos, at ang pagpapakahulugan ng pag-aaral o pagsusuri ng piling akda ni Amado V. Hernandez na "Isang Dipang Langit".

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pananaliksik na ito ay isang kwalitatibong pag-aaral sa tulong ng disenyong panunuring pampanitikan ***(literary analysis)*** at tekstwal na pagsusuri ***(textual analysis).*** Ang panunuring pampanitikan ay isang malalim na pagsusuri ng akdang pampanitikan gaya ng tula, dula, nobela, maikling kwento at iba pang genreng pampanitikan. Nilalayon ng pagsusuri na maunawaan ang mga karanasan, kaugalian, at paniniwala ng isang lahi. Kailangan ang

mahusay na organisasyon at tamang pagsusuri sa mga elemento ng akda tulad ng tema, tauhan, Estilo ng pagkakasulat at iba pang elementong mahalaga sa pagsusuri. Nilalayon din ng pagsusuri na ilarawan ang isang kalagayan o sitwasyon na ipinahiwatig sa akda. Ginagamit din ang tekstwal na pagsusuri sa pag-aaral na ito upang mabatid ang layuning masuri ang patayutay na mga pahayag na nakapaloob sa tulang "Isang Dipang Langit" ni Amado V. Hernandez. Tatalakayin din ang kayarian ng pagkakabuo ng tula, ang realismong kalagayan sa lipunan ng tao na namumutawi sa akda at higit sa lahat, tatalakayin din kung paano napakahalaga ang pagbibigay-diin sa mga elementong literari sa pagsusuri ng isang tula gayundin ang historikal na pagsusuri kung saan pinabalikan ang mga nangyayari sa lipunang Pilipino sa panahon ng pagkakalathala ng akda at sa kung anong pananakop ang sumasalamin dito.

**Pinagmulan ng Datos**

Ang datos na gamitin sa pagsusuri ay ang akdang "Isang Dipang Langit" ni Amado V. Hernandez. Isa itong tula na binubuo ng labing-isang saknong, na may tig-aapat na taludtod. Isinulat ng makata ang tulang ito habang siya ay nasa loob ng piitan at ipinapahiwatig dito ang kanyang mapait na karanasan, kalungkutan, at ang sitwasyong panlipunan sa kanyang kapanahunan.

**Ang Pangangalap ng Datos**

Ang pag-aaral na ito ay sumusunod sa tatlong yugto ng pangangalap ng datos:

**Bago Mangalap ng Datos.** Bago paman sinisimulan ang pangangalap ng datos, humin gi muna ng permiso ang mananaliksik sa Kolehiyo ng Edukasyon ng University of the Visayas hinggil sa magiging paksa ng pananaliksik. Nagsubmite ang mananaliksik ng tatlong magkakaibang pamagat ng pananaliksik na magiging gawing pag-aaral hangga't na-aprubahan ng dekana ng Kolehiyo ng Edukasyon na ang gawing pag-aaral sa mananaliksik ay ang pagsusuri sa patayutay na pahayag ng tulang "Isang Dipang Langit" ni Amado V. Hernandez. Ang kanyang akda ang maging batayan sa gawaing pagsusuri.

**Habang Nangangalap ng Datos**. Habang nangangalap ng datos ay iniisa-isa ng mananaliksik ang mga linya o taludtod ng tulang "Isang Dipang Langit" at sinuri niya ang mga nakapaloob na patalinghagang pahayag gaya ng tayutay at mga simbolismo. Kumukonsulta rin ang mananaliksik sa U.P. Diksyunaryong Filipino upang matiyak ang ibig ipakahulugan ng mga malalalim na salitang ginamit sa pagkakabuo ng tula. Inunawa rin niya ang mensahe ng bawat saknong rito at kung ano ang namumutawing kaisipan ang ibig ipahiwatig ng manunuklat sa pagbuo niya ng kanyang akda. Nagawa ring suriin ng mananaliksik ang tinatawag na ***social realities*** o ang tunay na kaganapang panlipunan sa panahong binuo ang akda na ito at ang historikal na kalagayan din ng bansang Pilipinas na mababakas sa mensahe ng tula.

**Pagkatapos Mangalap ng Datos.** Pagkatapos na masuri ng mananaliksik ang akda, hand ana siyang buuin ang kanyang Kongklusyon at Rekomendasyon batay sa ginawang pagsusuri. Nagawa rin niyang magbahagi ng isang Gabay sa Pagsusuri ng Tula bilang kanyang awtput sa pagsusuri na kung saan ay gamit na gamit sa sinumang guro o propesor sa kolehiyo na nagtuturo ng panitikan. Ang gabay sa pagsusuri ng tula ay maaring magamit ng guro bilang lunsaran ng mismong guro at mga mag-aaral sa panunuring pampanitikan na gagawin sa klase lalo na ang pampanitikang anyo na tula.

**Pamamaraan ng Pagsuri ng Datos**

Ang pagsusuri ng datos sa pag-aaral na ito ay sumunod sa limang mga hakbang:

**Unang Hakbang. *Isang Pagsusuri sa mga Tayutay na Nakapaloob sa Tula.*** Sa unang hakbang ng pagsusuri ay babalik-balikang basahin ng mananaliksik ang tula sa pamamagitan ng malapitang pagtingin at pagsusuri sa mga patayutay na pahayag na nakapaloob sa bawat saknong ng tula. Sa pagsasagawa ng pagsusuring ito, kapapalooban ito ng pagsusuri sa mga Uri ng Tayutay na nakapaloob sa ilang mga taludtud o saknong ng tula; at ang pagpapahayag ng mga kahulugan at mensahe na nangingibabaw sa bawat saknong ng tula.

**Ikalawang Hakbang. *Isang Pagsusuri sa Anyo o Kayarian ng Tula.*** Sa hakbang na ito, binibigyang-pokus dito ang pagsusuri sa porma o kayarian ng tula batay sa hinihiling ng teoryang Pormalismo. Kasama sa pagsusuring ito ang mga sumusunod: uri ng tula; ang sukat at tugma; ang indayong o diwa ng tula; ang simbolismong ginagamit; at ang panghuli ay ang mensahe at aral ng tula.

Sa pagsusuri sa gawaing ito, kapalooban ito ng pagsusuri ng mga kayarian ng tula gaya ng: Uri; Sukat at Tugma; Indayog at Diwa; Simbolismo; Mensahe at Aral

**Ikatlong Hakbang. *Isang Pagsusuri sa Suliraning Panlipunan na Ipinahihiwatig sa Tula.*** Sa hakbang na ito ng pagsusuri, tatalakayin dito ang kalagayan ng bansa at ang suliraning panlipunan na ipinahiwatig ng makata sa kanyang akda na kanyang nasaksihan. Ang mga social realities o ang tunay na kaganapan sa Lipunang Pilipino na nailalarawan ng makata sa tulang kanyang isinulat ay pagbibigyang-pokus sa bahaging ito ng pagsusuri.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 3, ISSUE NO. 11


**Ikaapat na Hakbang. *Isang Pagsusuri sa Kabisaan ng Paggamit ng Tayutay.*** Tatalakayin sa hakbang na ito kung paano maging epektibo ang paggamit ng patayutay na pahayag sa pagpapalawak ng mensahe ng tula at ang pagbibigay inspirasyon sa mga mambabasa. Upang mapabisa ang panunuri sa bahaging ito. Kukuha ng dalawang (2) eksperto ang mananaliksik na kung saan ay magsasagawa rin ng kanilang pagsusuri upang mabigyang-balido ang gawaing pagsusuri hinggil sa kabisaan ng paggamit ng tayutay na pahayag sa pagpapalawak ng mensahe ng isang akda. Ang isang ekspertong nakuha niya ay ang kasalukuyang superbisor ng *DepEd-Lapulapu City Division*. At ang pangalawang
eksperto sa larangan ng pagsusuri ng panitikan ay isang propesor sa kolehiyo sa isa sa mga tanyang na Unibersidad ng Sugbo na mahigit dalawang dekada nang nagtuturo ng kursong Panitikan. Ang dalawang ekspertong nabanggit ay tutulong sa mananaliksik upang lalong mapagtibay ang kalalabasan ng kanyang gawaing pagsusuri.

**Ikalimang Hakbang (Awtput ng Pag-aaral).** Bilang kontribusyon ng mananaliksik sa gawaing pagsusuri. Magdesinyo siya ng isang Gabay ng Pagsusuri ng Tula kung saan ay gamit na gamit sa kapwa guro't mga mag-aaral sa kanilang gawaing panunuring pampanitikan. Sa paraang ito, magiging organisado at maayos ang gagawing pagsusuri ng tula na ipapagawa ng guro sa mga mag-aaral sa kursong Panitikan o ***Literature.***

**Etikal na Konsiderasyon**

Ang pag-aaral na ito ay isinasagawa at sumusunod sa etikal na pagsasaalang-alang. Tinitiyak saa pag-aaral na ito ang pagiging matuwid, makatarungan, matapat, at mapagpahalaga sa kapuwa ng isang tao. Sinusunod ng pananaliksik na ito ang pamantayang pagpapalalaga sa katapatan, kabutihan, at pagpapanguna sa kapakanan ng kapwa. Dagdag pa rito, mahalaga ang paggalang sa karangalan ng bawat isa. Tinitiyak dito na sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito walang paglabag sa karapatang pantao ang nalalampastangan at mananaig ang katarungan ng sinumang nasasangkot sa pag-aaral na ito.

**A. Content, Comprehension, and Documentation of Informed Consent Participants Status. (Nilalaman, Pag-unawa at Dokumentasyon ng kalagayan ng May Pahintulot ng mga Kalahok)**

Ang bawat kalahok ay tinitiyak upang lubos na na lubos na nakakaunawa sa pananaliksik, sa kahalagahan at sa layunin nito. Ipagbibigay-alam sa kanila na ang ibinibigay nilang datos ay gagamitin lamang sap ag-aaral na ito. Ipinagbigay-alam din sa kanila ang patungkol sa layunin ng pananaliksik at siniguro na lubos na mauunawaan nila ito. Upang madali nila itong maunawaan, tinitiyak ng mananaliksik na kanyang gagamitin ang payak na mga katawagan upang maiwasan ang maaaring pagkakalito ng mga kalahok sap ag-aaral. Dagdag pa po rito, ipinagtapat para sa mga kalahok kung anong klaseng datos ang maaaring hilingin mulaa sa kanila kasali na ang klaseng pananaliksik kung ito ba'y kwantitatibo (***quantitative***) o kwalitatibo (***qualitative***) pati na rin ang mga hakbang at mga pamamaraan ng pangangalap ng datos at ang pagsusuri ng mga ito.

Bilang mga kalahok ng pag-aaral, sila ay nagpapatunay din ng kanilang pakikisangkot at dedikasyon sap ag-aaral sa pamamagitan ng paglalaan ng kanilang oras sa pagsagot sa mga katanungan mula sa mga ***survey questionnaire*** o sa mga panayan (***Interview***) na isinasagawa ng mga mananaliksik.

Kung may nag-***sponsor*** man sa isinasagawang pananaliksik, ang mga kalahok ay may karapatan din ma makakaalam sa sitwasyong ito ganoon din ang paraan ng pagkakapili sa kanila.

Kung sakaling may hindi inaasahang sakuna o sitwasyon na maglalagay sa mga kalahok sa isang mapanganib na kalagayan, maipapaniguro ng mananaliksik na matutulungan ang mga kalahok hingil sa panganib na maari nilang mararanasan o kayang mararamdaman. Tinitiyak ng mananaliksik na hindi makakapinsala saa kanila ang datos na kanilang ibabahagi. Subalit kung sa pagsassagawa ng pakikinapayam o pangangalap ng datos gaya ng pagsagot sa mga katanungan doon sa talatanungan na ibibigay, kung sakaling ang traumatic na mga karanasan, anxiety o pagkabalisa o kaya'y ang takot at iba pang karamdaman ay mababakas, tutulong ang mananaliksik sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanilang lisensyadong sikolohista upang matulungan ang mga kalahok na magabayan nang maayos sa kanilang mga nararamdaman sa pamamagitan ng debriefing o kaya'y libreng counseling na isasagawa para sa kanila. Sa usaping ito, ipapaniguro ng mananaliksik na hindi makakapinsala sa kanilla ang gagawing pakikilahok sap ag- aaral. Dagdag pa po rito ipagbagay-alam din sa kanila ang posibleng mga benipisyo na makukuha sap ag-aaral na ito gaya ng mga karagdagang kaalaman, pagkakaroon ng access sa interbesyon na idinesenyo ng mananaliksik, maging bukas sa katotohanan at higit sa lahat ang pagpapalabas ng kusa sa negatibong nararamdaman na kung saan ay mas higit na nakatutulong upang gumaan ang pakiramdam.

Patungkol naman sa incentives at compensation. Sa pag-aaral na ito hindi magbibigay ang mananaliksik ng stipend o mag-reimburse para sa mga kalahok. Ang pakikilahok sap ag-aaral na ito ay libre lamang at walang karapatang bayad. Dagdag pa rito ang mga kalahok ay tinitiyak na anumang datos o imprmasyon na kanilang ibinibahagi, ito ay magiging kumpidensyal upang maprotektahan ang kanilang Karapatan at buong pagka-tao, kaya buong pusong ipinangako ng

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 3, ISSUE NO. 11 

mananaliksik na ang mga inpormasyon at datos na makakalap mula sa mga kalahok ay gagamitin lamang sap ag-aaral na ito at hindi ipamimigay sa ibang pang pananaliksik.

Ang partisipasyon sa pag-aaral na ito ay ginawang boluntaryo o kusang loob sa mga kalahok at hindi ito maglalagay sa kanila sa alanganin. Kung sa akaling mas pipiliin nila na hindi sumali sa pag-aaral. Kung sakaling ibig ng mga kalahok na hindi na magpapatuloy o kaya'y may babawiing impormasyon, malaya rin nilang magagawa ito.

Sa huli, kung may mga karagdagang katarungan man o mga reklamo at komento ang mga kalahok higgil sa pag-aaral, ang UV-IRB Ethics review panel na nagpapatibay sa pananaliksik na ito ay maaaring ma-contact ng mga partisipante sa kanilang opisina: University of the Visayas- Research Ethics Committee 5th floor, Inday Pining Building, Colon Street, Cebu City. Telepono No. (032)253-7401 loc. 116 or email at: rec@uv.edu.ph

**B. *Debriefing, Communication and Referrals* (Interogasyon, Komunikasyon at Rekomendasyon)**

Ang mananaliksik ay nangangako na magpakita ng buong paggalang sa mga kalahok upang maiwasan ang emosyonal na panganib ng mga kalahok. Tinitiyak na ang mga salitang gagamitin sa pagpapahayag ay hindi nakakasira ng magandang kalooban para sa mga kalahok. Kung mangyari man na may kauukulang di inaasahang mga pangyayari, handa ang mananaliksik na matulungan ang mga kalahok sa pamamagitan ng pagsasagawa ng debriefing sa kanila kung sakaling lumalabas ang kanilang emosyonal na pagkakabalisa. Makakaranas ng libreng serbisyong pansikolohiya para sa mga kalahok upang matitiyak ang kanilang kaayusan sa pag-iisip at sa emosyon.

**C. Tunggali sa Salungat na Interes (*Conflict of Interest* )**

Kung may mangyayari mang pagtutunggali sa salungat na interes, maipapaniguro na hindi magiging bias ito sa mga kalahok at pati na rin sa pag-aaral. Kung ito may mangyayari, malaya ang mga kalahok na hindi na nila ipagpapatuloy pa ang pakikilahok sa pananaliksik na ito.

**D. Pagtugon sa Kahinaan (*Treatment of Vulnerability Groups*)**

Sa pag-aaral na ito ay hindi na kabilang ang mga grupo ng mga kalahok na may bulnerabilidad gaya ng mga kahinaan sa pag-iisip o kaya'y ang grupo ng indibidwal na nahihirapan na sumagot at magbigay ng kanilang datos sa anumang paraan. Subalit, kung ang pag-aaral ay nangangailangan ng partisipasyon ng mga kalahok na mga Kabataan na may edad 7 taong gulang pababa, ang assent form ay gagamitin upang magbigay ng pahintulot na kusang-loob silang sumali sa pag- aaral. Kapag ang kalahok ay may edad 12 taong gulang o higit pa na may sapat na pag-unawa sa kanilang partisipasyon, gagamitin parin ang assent form mula sa mga kalahok na ito ay hihilingin pa rin.

Upang matiyak na sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito, ipinangako ng mananaliksik na hindi mapahamak ang mga kalahok sa pag-aaral sa anumang paraan.

## IV. Resulta at Pagtatalakay

### 1. Mga Patayutay na Pahayag na Nakapaloob sa Tulang "Isang Dipang Langit"

Ang tulang *"Isang Dipang Langit"* ni Amado V. Hernandez ay isang masalimuot at makapangyarihang paglalarawan ng pakikibaka, paghihirap, at hindi matitinag na diwa ng isang bilanggo na simbolo ng indibiduwal na nakikibaka sa sistemang mapang-api. Isang makapangyarihang paglalarawan ng matinding pakikibaka ng tao sa ilalim ng sistemang mapang-api, na sumasalamin sa kawalan ng kalayaan, emosyonal na pighati, at determinasyon ng indibiduwal na patuloy na nakikipaglaban sa kabila ng panghihigpit. Sa pangkalahatan, ipinapakita ng tula na ang limitasyon ng kalayaan at pang-aapi sa indibidwal ay nagdudulot ng tensiyon sa pagitan ng potensiyal ng tao at realidad ng kaniyang kapaligiran, subalit sa kabila nito ay lumilitaw ang puwersa ng pag-asa, ***resiliency***, at ***moral*** na paninindigan. Sa tulang ito, matatagpuan ang mga uri ng tayutay na ginamit ng makata sa kanyang akda upang gawing mabisa, kaakit-akit sa mga mambabasa, at magkaroon ng kawilihan ang mga mambabasa na ipagpapatuloy ang kanilang nasimulang pagbabasa sa akda at upang hindi rin gaanong direkta o lantaran ang konseptong ibig iparating ng makata. Ang iilang tayutay na matatagpuan dito ay ang **Pagtutulad o Simile**. Ang Pagtutulad o simile ay isang uri ng tayutay na naghahambing sa dalawang tao, bagay,lugar, o anupamang ihahmbing na hindi magka-uri at ito ay ginagamitan ng mga salitang pahambing gaya ng: anaki'y, animoy, kawangis, tulad ng, gaya ng at iba pa. Sa akda, matatagpuan natin ang tayutay na Pagtutulad o Simile sa ikatlong taludtod " *Katawa'y marupok, aniya'y pagsuko*" (Pagtutulad o ***simile***) ay nagpapahiwatig sa hirap ng katawan na kanyang naransan at mga pasa na kanyang natamo dulot ng pambubugbog sa loob ng kulungan. Inilalarawan sa linyang ito ng tula na ang katawan ng persona rito ay inihahambing sa isang marupok na kung saan ay ibig nang sumuko kasi hindi na makakayanan pa ang labis na pagmamaltrato at pang-aabuso na kanyang sinapit sa loob ng kulungan. Ang pagpapahirap sa kanya ay sobrang-sobra na kung kaya't ibig na niyang sumuko na lamang mula sa paghihirap na kanyang nararanasan. Kung maiiugnay natin sa sitwasyon ng mga bilanggo sa kasalukuyan na kung saan sa sobrang dami nilang nakakulong ay hindi na nga sapat ang kanilang espasyo sa loob kung kaya ay hindi na sila nakakatulog nang maayos. Iyong iba ay walang banig na

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 3, ISSUE NO. 11 

nagagamit kung kaya't sa sahig na lamang natutulog. Samantalang iyong iba naman ay naghihintay na gumising iyong ibang kasamang bilanggo upang sila na naman ang papalit sa higaan nito. Ang iba pang sakripisyo nila sa loob ng kulungan ay ang kakulangan sa pagkain. Dahil sa sobrang dami ng mga bilanggo, pinagkakasya na lamang nila ang pagkain sa loob kung kaya marami sa kanila ang nakukulangan sa kanilang rasyon na pagkain kaya ang nangyari sila ay gutom kasi kakaunti lamang ang kanilang kinakain.

Sa ikaapat na saknong ay matatagpuan ang isa pang **pagtutulad o simile** ay *"Sigaw ng bilanggo sa katabing moog, anaki'y atungal ng hayop sa yungib"* (ikatlo at ikaapat na taludtod) ay nagpapahayag na nahihirapan nang sobra ang mga bilanggo sa loob ng piitan kung kaya ang kanilang hinagpis ay idinadaan na lamang sa pagsisigaw upang kahit papaano ay maipalabas nila ang sama ng kanilang kalooban nang dahil sa kanilang sinapit sa buhay. Sa linyang ito ng tula inihahambing ang sigaw ng bilanggo sa isang atungal ng hayop sa yungib kung saan labis na nasasaktan at gusto nang makakalaya pa mula sa pagkakakulong. Sa edukasyon, maihahambing ito sa mga paaralan o organisasyon na mahigpit ang pamamahala, naglilimita sa malikhaing pag-iisip at kritikal na solusyon. Halimbawa, ang mga guro o estudyante na hindi pinahihintulutang mag-eksperimento sa pagtuturo o proyekto ay nakararanas ng parehong pakiramdam ng "kinukulungan" sa kanilang intelektuwal na kalayaan.

Sa ikalimang saknong, ang **simile** sa *"Ang maghapo'y tila isang tanikala" (unang taludtod)* ay naglalarawan ng pagod at hirap ng katawan at diwa na inihahambing sa tanikala, sumasagisag sa matinding paghihigpit sa paggalaw at pagpipilian. Ang **pagtutulad** sa *"luksa ng kabaong waring lungga ng bilanggo"(ikaapat na taludtod)* ay nagpapakita ng malalim na kalungkutan at kawalan ng kalayaan. Batay sa uri ng tayutay na ginamit dito, napakaepektibo rito kasi nagawang ipaghahambing ang dalawang magkaibang kalagayan upang pukawin ang gunita ng mga mababasa sa imehe na ibig ipakita ng makata.

Ang pangalawang uri ng tayutay na matatagpuan sa akda ay ang Pagwawangis o Metapora. Ang pagwawangis o metapora ay isang lantarang paghahambing ng dalawang hindi magkauri na hindi na gumagamit nga mga salitang pahambing. Ang pagwawangis o metaphor, ay isang uri ng tayutay na ginagamit upang direktang paghambingin ang dalawang magkaibang bagay, hindi sa literal na kahulugan, kundi upang lumikha ng mga imahe na nagpapakita ng mas malalim na koneksyon ng mga ideya o opinyon. Sa pamamagitan ng pagwawangis, nabibigyang-buhay ang mga abstraktong konsepto, pinapadali ang pag-unawa ng mambabasa sa pamamagitan ng paggamit ng mga imahen o terminong magkakaugnay. Ito ay isang masining na paraan ng pagpapahayag kung saan ang mga bagay na tila walang kaugnayan ay pinagkakabit upang magbigay ng bagong pananaw o interpretasyon sa ilang partikular na ideya, damdamin, o karanasan.

Sa unang saknong, ang **metapora** sa *"Ako'y ipiniit ng linsil na puno"(unang taludtod),* ay nagpapakita ng dramatikong kawalan ng kalayaan, hindi lamang pisikal kundi intelektuwal, kung saan ang bawat aspirasyon ng tao ay pinipigilan ng panlipunang limitasyon.

Sa ikalawang saknong, ang **metapora** sa *"Ikinulong ako sa kutang malupit" (unang taludtod)* ay naglalarawan ng parehong pisikal at emosyonal na panghihigpit, malupit ang mga bantay at sinasaktan ang pisikal at kalooban ng mga bilanggo. Ang ilan sa kanila ay binubugbog at hindi pinakain nang tama at tinatrato na parang isang hayop. Si Amado Hernandez kasi bilang ang makata ng tulang "Isang Dipang Langit" ay nakulong dahil sa umano'y pakikipag-ugnayan niya sa mga kilusang makakomunista. Noong 1951 ay nakulong siya dahil sa bintang na pakikipag-ugnayan sa mga kilusang komunista at pagiging mapanghimagsik (rebellion). Bilang isang lider ng **Congress Labor Organizations (CLO)**, idinawit siya sa mga aktibidad ng mga Hukbalahap na nagresulta ng 13 taong legal na laban bago siya napawalang-sala noong 1964. Siya ay pinaghinalaang komunista na sangkot sa pag-aalsang Huk. Bilang isang lider din ng samahang manggagawa na pumupuna sa kawalan ng katarungan sa lipunan kaya kilala rin siya bilang manunulat ng manggagawa sapagkat isa siyang pinuno ng mga Pilipinong manggagawa. Habang panahon ng pagkakakulong, isinulat niya ang kanyang mga tanyag na akda kabilang na itong tula niyang "Isang Dipang Langit". Kahit na nakulong, kinilala siya bilang Pambansang Alagad ng Sining.

Sa ikatlong saknong, ang **metapora** sa *"sandipang langit na puro ng luha"(ikalawang taludtod)* ay nagpapakita ng maliit ngunit makabuluhang pag-asa sa gitna ng kalungkutan at panghihigpit, na nagbibigay ng puwang sa posibilidad ng paglaya sa kabila ng madilim na sitwasyon. Sa ikaapat na saknong, ang **metapora** sa *"Sintalim ng kidlat ang mga mata ng tanod" (unang taludtod)* ay naglalarawan ng mapanghimasok at mapang-api na kapangyarihan, sa ikawalong saknong, ang **metapora** sa *"bilangguang mandi'y libingan ng buhay"* (ikalawang taludtod) ay nagpapahiwatig ng kawalan ng pag-asa at patuloy na pagkakakulong, at sa ikasiyam na saknong, ang **metapora** sa *"batis pa rin itong aking puso"(ikalawang taludtod)* ay sumasalamin sa patuloy na pag-asa, katatagan, at *resilience* sa kabila ng pang-aapi. Sa edukasyon, ito ay nagpapakita na sa kabila ng kakulangan ng *resources* at suporta, may mga estudyante at guro na patuloy na nagsusumikap at hindi sumusuko, tulad ng kabataang nag-aaral sa gabi habang nagtatrabaho sa araw upang makamit ang *diploma* at magkaroon ng pagkakataon sa mas magandang

buhay. Sa ikasampung saknong, ang **metapora** sa *"Bastilya'y may bayang gaganti"* ay sumasalamin sa hustisya laban sa sistemang mapang-api. Sa huling saknong (saknong labing-isa), ang **metapora** sa *"Sisikat ang gintong araw ng tagumpay" (ikatlong taludtod)* ay sumasagisag sa tagumpay, kalayaan, at katuparan. Bukod sa pagtutulad at pagwawangis, may isa pang uri ng tayutay ang nakapaloob dito at ito ay ang pagmamalabis.

Ang pagmamalabis ay isang pahayag na lampas o kulang sa katotohanan. Ginawang eksaherado ang pagpapahayag upang pasarapin ang pag-unawa ng sinumang nakakabasa o nakaririnig sa pahayag. Dagdag pa, pinalawig din ni Miculob (2020), na kapansin-pansin ang pagiging masining sa paglalarawan ng mga makata sa paggamit ng tayutay na pagmamalabis. Nailalahad ng isang makata sa tula ang kalabisan subalit kahit na labis-labis ang pagkakasabi o pagpapakahulugan ay hindi pa rin ito hadlang para mawala ang kagandahan at kabisaan ng linya sa katunayan ay mas napapaganda pa nito ang akda dahil sa kakaiba nitong pagpapahayag. Dahil lagpas sa katotohanan o eksaherado ang pahayag higit na naging masining ang isang uri ng tula kung ito ay pakasusuriin. Sa unang saknong ang **pagmamalabis** sa *"Damdami'y supil na't mithiin ay supil" (Ika-apat na taludtod)* ay nagpapahiwatig ng sistematikong pang-aapi, na sumasaklaw sa kontrol sa emosyon, damdamin, at ambisyon ng indibiduwal, isang malinaw na patunay na ang pang-aapi ay hindi lamang pisikal kundi kasali rin ang *mental* at emosyonal. Kung babalikan natin ang linyang ng tulang nagpapahiwatig ng kalalabisan ng kalagayan na kung saan ay parang suko na siya dahil wala nang pag-asa pang makakalaya na mula sa kanyang pagkakakulong. Nababakas natin sa linyang ito ang matinding kalungkutan na nagdudulot ng depsresyon sa kanyang buong katauhan. Ang **pagsalungat** sa pagitan ng nagnanais ng kalayaan at katawang pinipigilan ay nagpapakita ng dramatikong tensiyon sa pagitan ng potensiyal at realidad. Sa konteksto ng edukasyon, ito ay sumasalamin sa mga guro at estudyanteng may malikhaing ideya o proyekto ngunit pinipigilan ng mahigpit na regulasyon, limitadong ***resources,*** o tradisyonal na pamantayan ng paaralan, na nagreresulta sa pagkadismaya at pagkakakulong ng intelektuwal na kaisipan.

Sa ikalimang saknong naman, matatagpuan ang **pagmamalabis** sa paglalarawan ng buong magdamag na kumambong ng luksa ay nagpapakita ng dramatikong epekto ng paghihirap. Sa edukasyon, ito ay maihahambing sa ***stress, overload*** ng gawain, at ***pressure*** sa parehong guro at estudyante, tulad ng guro na nagtuturo ng maraming klase, naghahanda ng materyales, at nagbibigay ng grado nang sabay-sabay, isang modernong ***parallel*** sa pakikibaka ng bilanggo sa tula. Samantalang sa ikaanim na saknong, ang **pagmamalabis** na *"sanlibong aninong iniluwa ng dilim"(ikaapat na taludtod)* ay naglalarawan ng kolektibong paghihirap ng lipunan, nagpapakita na ang indibidwal na pakikibaka ay bahagi ng mas malawak na konteksto. Nailalahad ng makata ang kalabisan subalit kahit na labis-labis ang pagkakasabi o pagpapakahulugan ay hindi pa rin ito hadlang upang mawala ang kagandahan at kabisaan ng linya sa katunayan aymas napapaganda pa rito ang akda dahil sa kakaiba nitong pagpapahayag. Dahil lagpas sa katotohanan o eksaherado ang pahayag, higit na naging masining ang uri ng tula kung itong ay pakasusuriin. Kung babalikan natin ang linya ng tulang nagpapahiwatig ng kalalabisan ng pahayag *"sanlibong aninong iniluwa sa dilim*" ipinapahiwatig nito na hindi lang isa ang naghihirap kundi marami sa mga tao lalo na ang mga bilanggo na naghihirap sa kanilang sinapit sa buhay, at ang simbolismong dilim na ipinapahiwatig rito ay nangangahulugang kawalan na ng pag-asa pa upang makararanas ng kagandahan ng buhay. Sa edukasyon, ito ay sumasalamin sa ***systemic stress*** sa mga ***underfunded o marginalized*** na paaralan, kung saan libo-libong estudyante at guro ang nakararanas ng kakulangan sa oportunidad, ***resources***, at suporta.

Habang sa ikapitong saknong ay ang **pagmamalabis** sa *"may naghihingalo"* ay nagpapakita ng matinding kapighatian at kaguluhan. Ang tensiyong ito ay nagpapakita ng biglaang hamon na humihingi ng matalinong desisyon at mabilis na aksiyon. Sa modernong edukasyon, ito ay maihahambing sa biglaang pagbabago sa sistema ng pagsusulit, ***sudden shift sa online learning***, o krisis na humihingi ng adaptability ng guro at estudyante upang mapanatili ang kalidad ng pagkatuto.

Sa ikawalong saknong ay kakikitaan ng uri ng tayutay na **pagmamalabis** o eksahersayon sa *"lahat ng taon ng buong buhay ko'y dito mapipigtal"* ay nagpapakita ng dramatikong epekto ng matagal na paghihigpit. Sa lipunan at edukasyon, ito ay sumasalamin sa pangmatagalang epekto ng kakulangan ng pantay na oportunidad, na nakakaapekto sa kabataan at propesyonal na tulad ng estudyanteng limitado ang ***access*** sa ***resources* at *guidance* sa *underfunded schools.***

Ang isa pang uri ng tayutay na nakapaloob sa tula ni Amado V. Hernandez ay ang Pagsasatao o personipikasyon kung saan ay inililipat sa tao ang mga kaganapan na hindi pantao gaya na lamang ng pahayag na *umiiyak ang langit, nagagalit ang mundo,* at iba pa. Ang mga katangiang ito ay para lamang sa tao subalit ito'y ginagamit at inililipat sa mga hindi tao. Sinadyang ginaya ang katangiang taglay ng isang tao sa mga hindi kauri upang maging masarap sa gunita ng mga nakaririnig. Sa tulang "Isang Dipang Langit", sa ikatlong saknong, matatagpuan ang **pagsasatao** sa *"maramot na birang ng pusong may sugat" (ikatlong taludtod)* ay naglalarawan sa damdaming

nagdurusa at sugatan, nagpapakita na kahit sa matinding pang-aapi, may kakayahan ang damdamin ng tao na magpahayag ng pighati at galit.

Sa ikaapat na saknong matatagpuan naman ang uri ng tayutay na **pagsasatao** o personipikasyon sa *"atungal ng hayop sa yungib"* ay naglalarawan ng desperadong damdamin ng bilanggo at ang instinktibong pakikibaka para sa kalayaan. Ito ay nagbibigay ng pagkakaiba sa antas kung gaano kahigit ang hinihingi ng mga mambabasa na isipin ang literal na kahulugan sa anyo ng tao. Dagdag pa, ito rin ay nagbibigay daan sa mambabasa na mailarawan at isaisip ang isang bagay na may katangiang kumilos kagaya ng tao.

Sa ikaanim na saknong, ang **pagsasatao** sa *"kawil ng kadena ang kumakalansing; o kumakalanding"* ay nagbibigay-buhay sa kadena bilang simbolo ng patuloy na panghihigpit, samantalang sa ikapitong saknong ang **Pagsasatao** na *"gabi'y biglang magulantang sa hudyat - may takas!,(unang taludtod), at sa ikatlong taludtod)" Kung minsan tumatangis lumang batingaw" ay nagpapahiwatig ng labis na kapighatian sa loob ng kalungan na kanilang nararanasan na kung minsan ay naisipan na lamang ng bilanggo ang tumakas mula sa loob ng piitan."*

Sa huling saknong (saknong labing-isa) at ang **pagsasatao** *sa langit na sumasalubong sa nagwagi ay nagbibigay-diin sa laman ng diwa.* Ang **pagsalungat** ng luha at paghihirap laban sa tagumpay at kalayaan ay nagbibigay ng inspirasyon at aral: sa kabila ng matinding pakikibaka, darating ang katarungan at tagumpay. Sa edukasyon at lipunan, ito ay nagpapaalala sa kabataan at guro na ang pagtitiyaga, determinasyon, at paniniwala sa tama ay nagbubunga ng tunay na tagumpay, katarungan, at personal na paglaya, na siyang pundasyon ng progresibong lipunan.

Ang panghuling uri ng tayutay na ginagamit sa tula ay ang **pagtatambis o oksimoron.** Ito ay isang pahayag na nagpapahiwatig ng magkasalungat na ideya gaya ng *mahirap* na puso sa *mayamang* tao, ito ay nagpapahiwatig na may iilang mayaman na walang puso sa mga mahihirap na tao na nangangailangan ng tulong mula sa mga mayayaman. Sa unang saknong, ang **pagsalungat** sa pagitan ng nagnanais ng kalayaan sa mga nakakulong at katawang pinipigilan ay nagpapakita ng dramatikong tensiyon sa pagitan ng potensiyal at realidad. Sa konteksto ng edukasyon, ito ay sumasalamin sa mga guro at estudyanteng may malikhaing ideya o proyekto ngunit pinipigilan ng mahigpit na regulasyon, limitadong ***resources,*** o tradisyonal na pamantayan ng paaralan, na nagreresulta sa pagkadismaya at pagkakakulong ng intelektuwal na kaisipan.

Sa ikalawang saknong naman, mababasa ang **pagtatambis o Oksimoron** sa *"kahit buhay man ay patay" (ika-apat na taludtod)* ay nagpapakita ng sukdulang kawalan ng pag-asa, na ang tao ay nabubuhay ngunit tila wala nang pagkakataon at kontrol sa sariling buhay na kahit buhay pa ang mga nakakulong ay itinuturing sila bilang isang patay na hindi na kayang maghirap pa at hindi na makararamdam ng pait, sakripisyo, pagmamalupit at mga pighati sa buhay. Ang **pagsalungat** ng buhay at tila kamatayan ay sumasalamin sa kontradiksiyon ng panlipunang realismo, kung saan nabubuhay ang tao ngunit walang tunay na kalayaan. Sa modernong lipunan at edukasyon, ito ay maihahambing sa mga estudyante at guro sa ***underfunde*d *schools***, o sa mga taong humaharap sa sobrang ***workload, strict deadlines,*** at kakulangan ng suporta, na nagreresulta sa pakiramdam ng kawalan ng pag-asa at pagkakakulong sa sistemang hindi patas. Halimbawa, isang estudyante na walang ***access* sa *internet*** at ***learning materials*** sa ***online classes*** ay literal na nahihirapan at emosyonal na pinipigilan sa kanyang pagkatuto. Ang **pagsalungat** ng kaunting pag-asa laban sa labis na kalungkutan ay nagpapakita na ang determinasyon at pakikibaka ay puwersa ng buhay na nagbibigay-lakas sa tao upang magpatuloy sa kabila ng kakulangan ng oportunidad. Sa edukasyon, ito ay sumasalamin sa mga guro at estudyanteng limitado ang *resources* ngunit pinipilit gamitin ang kaunting oportunidad tulad ng ***mentoring***, ***online learning,*** o libreng ***seminar*** upang maabot ang intelektuwal at personal na paglaya. Halimbawa, ang estudyanteng kumukuha ng ***scholarship*** sa gitna ng kakulangan sa materyales at suporta ay isang makabagong ***parallel*** sa simbolikong "sandipang langit" ng tula.

Sa ikaapat na saknong, ang **pagsalungat** ng kontrol at kalayaan ay nagbibigay-diin sa dramatikong tensiyon sa lipunan. Sa ikapitong saknong naman, ang **pagtatambis o oksimoron na** sa *katahimikan at kaguluhan* ay ipinapahiwatig rito ang dalawang magkasalungat na kalagayan. Sa ikasiyam na saknong, ang **pagsalungat** sa pagitan ng hirap at determinasyon ay malinaw, at sa ikasampung saknong ay may tayutay na **pagsalungat o oksimoron** ay makikita sa pagitan ng paniniil at katarungan. Ipinapakita nito na sa kabila ng pang-aapi, may pagkakataon ang tao o komunidad na makamit ang katarungan sa pamamagitan ng sama-samang pagkilos at determinasyon, na maaaring ihambing sa mga ***advocacy*** o proyekto ng guro at estudyante na nagtataguyod ng pantay na karapatan at edukasyon.

Sa kabuuan, ang tulang *"Isang Dipang Langit"* ay hindi lamang masining na paglalarawan ng pisikal at emosyonal na pagkakakulong ng isang indibiduwal, kundi isang matayog at malalim na metaporikal na salamin ng lipunang mapang-api at sistematikong limitasyon sa kalayaan. Sa pamamagitan ng masusing paggamit ng iba't ibang tayutay gaya ng simile, metapora, pagmamalabis, pagsasatao, at pagsalungat ay ipinapakita ni Hernandez ang dramatikong tensiyon sa pagitan ng indibiduwal na potensiyal at panlipunang hadlang, ang matinding pighati at

kawalan ng pag-asa, at higit sa lahat, ang hindi matitinag na diwa ng pakikibaka at paninindigan. Ang bawat saknong ay nagbibigay-diin sa unibersal na katotohanan: na sa kabila ng sistematikong pang-aapi, limitasyon, at kalungkutan, ang tao ay may kakayahang patuloy na umasa, lumaban, at makamit ang katarungan at kalayaan. Sa konteksto ng edukasyon at lipunan ngayon, ang tula ay nagsisilbing matibay na paalala na ang intelektuwal na kalayaan, ***access*** sa oportunidad, at pantay na karapatan ay pundasyon ng personal at kolektibong paglaya; gayundin, na ang determinasyon, ***resiliency,*** at paninindigan sa tama ay susi sa pagbuo ng mas makatarungan, progresibo, at malayang lipunan.

Sa huli, ang *"Isang Dipang Langit"* ay hindi lamang kuwento ng paghihirap at paninindigan ng isang bilanggo, kundi isang malalim, makapangyarihang metapora ng patuloy na pag-asa, pakikibaka, at tagumpay ng tao sa harap ng anomang hamon.

Sa kasaysayan ng panitikang Pilipino, ang mga tula ni Amado V. Hernandez ay itinuturing na makapangyarihang daluyan ng kritikal na kamalayan, *moral* na paninindigan, at radikal na paglalarawan ng lipunang mapang-api. Ang *"Isang Dipang Langit"* ay isang *obra maestra* na hindi lamang naglalarawan ng pisikal na pagkakakulong, kundi nagsisilbing simbolo ng intelektuwal, emosyonal, at moral na pakikibaka ng indibiduwal sa harap ng sistematikong pang-aapi.

Sinasadyang ginamit ng makata sa kanyang pagsusulat ng tulang ito ang mga uri ng tayutay o *figurative language* upang magkakaroon ng angking kagandahan ang isang akda kapag ito ay ginagamitan ng tayutay. Ipinapakita nito ang kakayahan ng wika na protektahan ang mga konsepto sa pamamagitan ng malikhaing pagpapahayag ng isang makata. Nang dahil sa tayutay, nabibigyang kawilihan ang mga mambabasa sa akdang kailang Napili at ganoon na rin para sa mga tagapagsuri ng akda na naggawa nilang pagyamanin ang kanilang guniguni at pag-unawa upang makatotohanan ang diwang kanilang ibinabahagi.

**2. Paano Nabubuo ang Tula Ayon sa: Uri; Sukat at Tugma; Indayog o Diwa; Simbolismo; at, Mensahe at Aral?**

Sa pamamagitan ng Tradisyunal na tula (May sukat at tugma) at malayang taludturan (free-verse), masining na paggamit ng tayutay, simbolismo, at emosyonal na indayog, ipinapakita ng tula ang dramatikong tensiyon sa pagitan ng kalayaan at pang-aapi, pag-asa at kawalan, at determinasyon at pagsuko. Ang pagsusuri sa uri, sukat at tugma, indayog, simbolismo, at mensahe ng tula ay magbibigay-liwanag hindi lamang sa sining nito kundi sa mas malawak na konteksto ng edukasyon at lipunan, kung saan ang pagkakamit ng kalayaan, pantay na oportunidad, at ***moral*** na paninindigan ay patuloy na hinahangad at pinagbubuti sa kabila ng limitasyon at hamon. Dito itinatakda ang pundasyon para sa masusing pagsusuri ng tula bilang isang metaporikal na salamin ng kolektibong karanasan, ***resiliency***, at pakikibaka ng tao sa kontemporaryong lipunan.

**2.1 Uri**

Ang *"Isang Dipang Langit"* ay kabilang sa uring **ng tulang pandamdamin**, isa itong uri ng tula na nagpapahayag at naglalarawan ng damdamin ng makata gaya ng pagkalungkot, pagkatuwa, paghihirap mula sa iba't ibang sitwasyon at karanasan sa buhay. Ang tulang "Isang Dipang Langit" ay sumunod sa sukat na tiglalabindalawang pantig sa bawat taludtod ng tula at hindi na umaayon sa tugma. Ibig sabihin walang tugma na nabubuo sa huling pantig ng bawat taludtod. Isang anyo ng tula na malaya sa striktong tugma ngunit mataas ang antas ng artistikong ekspresyon. Ang ganitong uri ay nagpapahintulot kay Hernandez na ilarawan ang damdamin, karanasan, at pakikibaka ng bilanggo sa paraang radikal at hindi limitado ng tradisyunal na porma. Hindi lamang literal ang pagkakakulong na inilalarawan ng tula, kundi simbolikong sumasalamin sa mga sistemikong hadlang sa lipunan at edukasyon na pumipigil sa intelektuwal at moral na kalayaan ng tao. Ang uri ng tula ay nagbibigay-daan sa malayang paggamit ng tayutay, simbolismo, at emosyonal na lalim, na nagiging epektibong instrumento upang ilantad ang mga tensyon sa pagitan ng indibiduwal na potensiyal at panlipunang limitasyon. Sa modernong edukasyon, ang ganitong uri ay maihahambing sa malikhaing anyo ng akademikong ekspresyon kung saan ang malikhaing pag-iisip at kritikal na pagsusuri ay higit na binibigyang-diin kaysa sa pormal na estruktura.

**2.2 Sukat at Tugma**

Bagama't walang mahigpit na sukat o tradisyonal na tugma ang tula, may matinding ritmo at indayog ang bawat saknong. Ang kawalan ng striktong tugma ay nagiging simbolo ng kawalang-laya ng bilanggo at tensiyon ng kaniyang diwa, na sumasalamin sa modernong lipunan kung saan ang kalayaan at oportunidad ay hindi pantay-pantay. Sa halip, ang tula ay gumagamit ng musikalidad ng salita, pag-uulit, at paglalapat ng emosyon sa taludtod halimbawa, ang paggamit ng *"supil"* at *"mapipigtal"* ay nagpapalakas sa dramatikong epekto ng pang-aapi. Ang ganitong estratehiya ay nagpapakita ng kahusayan sa pagpili ng salita, ritmo, at intonasyon upang ipahayag ang pighati at

pakikibaka. Sa edukasyon, ito ay maaaring ihambing sa malikhaing pamamaraan ng pagtuturo at pagkatuto kung saan ang *flexibility* at adaptasyon sa estruktura ay nagbibigay-daan sa mas malalim na pag-unawa at kritikal na pag-iisip, tulad ng pagbuo ng proyekto na hindi sumusunod sa tradisyonal na anyo ngunit epektibong nakapaghahatid ng mensahe at kaalaman. Ang tulang ito ay sumunod sa tradisyonal na paraan ng pagsulat ng tula kasi ito ay may sukat na tiglalabindalawahang pantig sa bawat taludtod (maliban lamang sa ika-anim na saknong, pang-apat na taludtod na may 19 pantig na siguro hindi napansin ng sensura. Narito ang presentasyon ng tulang ito batay sa sukat.

"Isang Dipang Langit" Amado V. Hernandez

I.
A-ko'y i-pi-ni-it ng lin-sil na pu-no, (12 pantig)
Ha-ngad pa-lib-ha-sang di-wa ko'y pi-i-tin, (12 pantig)
Ka-ta-wang, ma-ru-pok, a-ni-ya'y, pag-su-ko, (12 pantig)
Dam-da-mi'y su-pil na't mit-hi-in ay su-pil. (12 pantig)

II.
I-ki-nu-long a-ko sa ku-tang ma-lu-pit: (12 pantig)
Ba-to, ba-kal, pun-lo, ba-la-sik, ng ban-tay, (12 pantig)
Lu-bos na ti-wa-lag sa bu-ong da-ig-dig (12 pantig)
At i-nu-ring ka-hit bu-hay man ay pa-tay. (12 pantig)

III.
Sa mun-ting du-nga-wan, ta-nging a-bot-malas, (12 pantig)
ay san-di-pang la-ngit na pu-ro ng lu-ha, (12 pantig)
Ma-ra-mot na bi-rang ng pu-song may su-gat, (12 pantig)
Wa-ta-wat ng a-king pag-ka-pa-ri-wa-ra. (12 pantig)

IV.
Sin-ta-lim ng kid-lat ang ma-ta ng ta-nod, (12 pantig)
Sa pin-tong may su-si'y wa-lang ma-ka-la-pit, (12 pantig)
Si-gaw ng bi-lang-go sa ka-ta-bing mo-og (12 pantig)
A-na-ki'y a-tu-ngal ng ha-yop sa yu-ngib. (12 pantig)

V.
Ang mag-ha-po'y ti-la i-sang ta-ni-ka-la (12 pantig)
Sa ka-la-ka-lad-kad ng pa-ang ma-du-go, (12 pantig)
Ang bu-ong mag-da-mag ay ku-mam-bong luk-sa (12 pantig)
Ng ka-ba-ong wa-ring lung-ga ng bi-lang-go. (12 pantig)

VI.
Kung min-sa'y mag-da-an ang pa-yak na ya-bag, (12 pantig)
Ka-wil ng ka-de-na ang ku-ma-ka-lan-sing; (12 pantig)
O ku-ma-ka-lan-ding; sa ma-put-lang a-raw (12 pantig)
Sag-lit i-bi-bi-lad,san-li-bong a-ni-nong i-ni-lu-wa ng di-lim. (19 pantig)

VII.
Kung min-san, ang ga-bi'y big-lang ma-gu-lan-tang (12 pantig)
Sa hud-yat - may ta-kas!- at a-sod ng pun-lo; (12 pantig)
kung min-sa'y tu-ma-ta-ngis lu-mang ba-ti-ngaw, (12 pantig)
Sa bi-ta-yang mo-og, may nag-hi-hi-nga-lo. (12 pantig)

VIII.
At i-to ang ta-nging da-ig-dig ko nga-yon, (12 pantig)
Bi-lang-gu-ang man-di'y li-bi-ngan ng bu-hay; (12 pantig)

Sam-pu, da-la-wam-pu, at la-hat ng ta-on (12 pantig)
Ng bu-ong bu-hay ko'y di-to ma-pi-pig-tal. (12 pantig)

IX.
Ngu-nit ya-ring di-wa'y wa-lang ta-kot-hi-rap (12 pantig)
At ba-tis pa rin i-tong a-king pu-so: (12 pantig)
Pi-i-ta'y ba-ha-gi ng pa-ki-ki-la-mas, (12 pantig)
Ma-pi-it ng tan-da ng hin-di pag-su-ko. (12 pantig)

X.
Ang ta-o't Bat-ha-la ay di na-tu-tu-log (12 pantig)
At di ha-bang a-raw ang a-pi ay a-pi, (12 pantig)
Ta-nang pa-ni-ni-il ay may pag-tu-tu-os, (12 pantig)
Ha-bang may Bas-til-ya'y may ba-yang ga-gan-ti. (12 pantig)

XI.
At bu-kas, di-yan din, a-king ma-ta-ta-naw (12 pantig)
Sa san-di-pang la-ngit na wa-la nang lu-ha, (12 pantig)
Si-si-kat ang gin-tong a-raw ng ta-gum-pay, (12 pantig)
La-yang sa-sa-lu-bong a-ko sa pag-la-ya! (12 pantig)

Ang tulang "Isang Dipang Langit" ni Amado V. Hernandez ay binubuo ng labing- isang (11) saknong na may tig-aapat na taludtod sa bawat saknong. Ito ay umayon sa sukat na tiglalabindalawahan ***(12 syllables)*** sa bawat taludtod, maliban lamang sa Ika-6 na saknong ***(6th stanza)*** , pang-apat na taludtod ***(verse 4)*** na may kabuuang 19 na pantig, siguro ay hindi dumaan sa sensora ang akdang ito. Kung kaya, hindi napansin ang bilang ng pantig sa taludtod na ito

**2.3 Indayog o Diwa**

Ang indayog ng tula ay lumilikha ng **maramdaming ritmo** na nagpapalutang sa tensiyon ng pakikibaka at paghihirap. Sa bawat saknong, may malinaw na pagtaas at pagbaba ng emosyonal na lalim—mula sa matinding pagkakakulong at desperasyon hanggang sa kaunting pag-asa at sa huli, tagumpay. Ang diwa ng tula ay radikal at makapangyarihan, na naglalarawan ng determinasyon, moral na paninindigan, at pakikibaka ng indibiduwal laban sa sistemang mapang-api. Sa pamamagitan ng tayutay tulad ng **pagmamalabis** (*"lahat ng taon ng buong buhay ko'y dito mapipigtal"*) at **metapora** (*"batis pa rin itong aking puso"*), ang tula ay nagkakaroon ng indayog na umaabot sa emosyonal at intelektuwal na antas. Sa modernong edukasyon at lipunan, ang indayog ay sumasalamin sa mga estudyante at guro na patuloy na nakikipaglaban sa kakulangan ng oportunidad, mabigat na ***workload***, at ***systemic challenges***, ngunit may matibay na paninindigan at ***resiliency***. Ang ritmo ng tula ay simbolo rin ng patuloy na pag-ikot ng buhay at pakikibaka sa kabila ng mga limitasyon at paghihirap.

**2.4 Simbolismo**

Ang tula ay sagana sa **simbolismo**, na nagpapalawak sa *literal* na karanasan ng bilanggo sa antas ng unibersal na pakikibaka ng tao. Ang *"linsil na puno"* ay simbolo ng limitasyon at panlipunang panghihigpit; ang *"sandipang langit na puro ng luha"* ay sumasagisag sa maliit ngunit makabuluhang pag-asa; at ang *"gintong araw ng tagumpay"* ay simbolo ng kalayaan at katuparan ng paninindigan. Ang simbolismong ito ay nagbibigay-diin sa radikal na tensiyon sa pagitan ng pang-aapi at pakikibaka, kawalan ng kalayaan at pag-asa, at kalungkutan at tagumpay. Sa edukasyon at lipunan ngayon, ang simbolismo ay maihahambing sa karanasan ng kabataan at guro sa *underfunded* at *marginalized institutions*, kung saan bawat maliit na tagumpay halimbawa, *scholarship*, *mentorship*, o matagumpay na proyekto ay nagiging simbolo ng determinasyon, *resiliency*, at pag-asa laban sa sistemikong hadlang.

**2.5 Mensahe at Aral**

Ang mensahe ng tula ay malinaw: sa kabila ng pang-aapi, kawalan ng kalayaan, at matinding pighati, ang tao ay may kakayahang lumaban, magtiyaga, at makamit ang katarungan at kalayaan. Ang aral nito ay unibersal: ang determinasyon, katatagan *(resiliency)*, at paninindigan sa tama ay pundasyon ng personal at panlipunang paglaya at sa anumang unos na dumarating sa buhay ng tao, mananatili lamang na metatag at magkaroon ng pag-asang makalaya

sa mga pagsubok at hamon sa buhay. Mainam din na mananaig ang pananampalataya sa Dakilang Lumikha na Siyang tunay na Makata ng buhay. Sa edukasyon, ito ay nagtuturo na kahit limitado ang *resources*, mahigpit ang patakaran, o may kakulangan sa suporta, ang malikhaing pag-iisip, pagsusumikap, at sama-samang aksyon ay nagbubunga ng pagbabago at tagumpay. Ang mensahe ay nagtatampok ng kahalagahan ng panlipunang kamalayan, kritikal na pag-iisip, at moral na integridad, na mahalaga sa paghubog ng progresibo at makatarungang lipunan.

Sa kabuoan, ang *"Isang Dipang Langit"* ay higit pa sa isang simpleng paglalarawan ng pagkakakulong; ito ay isang malalim, makapangyarihang metaporikal na repleksiyon ng pakikibaka ng indibiduwal at kolektibo sa harap ng sistemang mapang-api. Ang malikhaing paggamit ng tayutay, simbolismo, indayog, at malayang taludturan ay nagpapalawak ng karanasan ng mambabasa, nagbibigay-diin sa tensiyon ng kalayaan laban sa pang-aapi, at nagtuturo ng malalim na aral tungkol sa determinasyon, *resiliency***,** at *moral* na paninindigan. Sa modernong lipunan at edukasyon, ang tula ay nagsisilbing paalala na ang pagharap sa limitasyon, kakulangan ng oportunidad, at hamon ng sistema ay bahagi ng proseso ng paglaya at tagumpay. Ang bawat saknong ay nagsisilbing unibersal na aral na nagpapatunay na sa kabila ng pighati at kawalan ng pag-asa, ang paninindigan, kolektibong pagkilos, at malikhaing determinasyon ay magbubunga ng tunay na kalayaan at katarungan. Ang *"Isang Dipang Langit"* ay isang matayog at walang kupas na paalala na ang diwa ng tao ay maaaring magtagumpay sa anumang pagsubok, isang pahayag na parehong makabuluhan sa larangan ng edukasyon at sa lipunang kinabibilangan natin ngayon.

3. **Ano-ano ang mga Kaganapan sa Lipunang Pilipino ang Ipinapahiwatig ng Tula na Nasaksihan ng Makata?**

Ipinahihiwatig ng *"Isang Dipang Langit"* ang matitinding kalagayan at suliraning personal na nasaksihan at naranasan mismo ni Amado V. Hernandez bilang bilanggong pulitikal na mga karanasang hindi lamang pisikal na pagdurusa kundi isang malalim na pagdudulot ng sugat sa dangal, diwa, at pagkatao.

**Una**, malinaw na inilalarawan ng makata ang malupit at di-makataong kalagayan sa loob ng bilangguan. Nandoon ang bato, bakal, baril, at bantay na tila gutom sa kapangyarihan isang mundong ang kahulugan ng "buhay" ay nabubura dahil sa sukdulang pag-iisa. Ang selda ay nagiging libingan ng humihingang katawan.

**Ikalawa**, nababakas ang sistematikong pang-aapi at pulitikal na paninikil. Hindi siya basta kriminal, siya'y ipinipiit dahil sa paninindigan. Sa taludtod ng takot, tanikala, at bantay na "sintalim ng kidlat ang mga mata," makikita ang kalupitan ng estadong may kamay na bakal. Dito sumisilip ang katotohanang ang piitan ay hindi lamang pader ng bato; ito ay mekanismong pangwasak ng diwang malaya.

**Ikatlo,** dama ang pagbubura ng ugnayan ng tao sa lipunan. Ang "lubos na tiwalag sa buong daigdig" ay sumasagisag sa sinadyang pagkitil sa tinig ng makata, pag-alis sa kaniyang lugar sa bayan at pagwasak sa kaniyang kakayahang makilahok. Ang pagiging "buhay man ay patay" ay hindi lamang literal; ito'y hatol ng sistemang nais pumatay sa kaniyang tinig.

**Ikaapat,** maliwanag na nasa tula ang araw-araw na paghihirap ng katawan at pagngingitngit ng kaluluwa. Ang dugo sa paa, ang tila kabaong na selda tuwing gabi, ang biglang putok ng baril, ang sigaw ng mga kasamang bilanggong parang hayop sa yungib, lahat ito'y larawan ng impiyernong dinaanan ng makata. Ito ang buhay na araw-araw ay nakabitin sa patalim, hindi sigurado kung aabutin pa ba ang bukas.

**Ikalima,** naroroon ang patuloy na pagsilang at pagpatay ng pag-asa. Ang "sandipang langit" na puno ng luha ay simbolo ng pag-asang sinakal pero hindi tuluyang namatay. Kahit maramot ang liwanag, hinahawakan pa rin niya ito bilang tanging pangako na may katapusan ang dilim.

**Pinakamahalaga,** malinaw na ibinubunyag ng tula ang suliranin ng inhustisya at kawalan ng karapatang pantao. Ang mga pinuno ay "linsil," ang sistema'y mapanikil, at ang tao'y nagiging munting cog sa makinang walang puso. Ito ang malupit na tanawin ng isang lipunang ang himig ay takot, luha, at paghihintay sa pagsabog ng pagbabago.

**Sa** kabuuan, ang tula ay pagsigaw ng makatang nasaksihan ang kalupitan ng bilangguan, karahasan ng estado, kawalan ng katarungan, pagpatay sa karapatang pantao, at ang unti-unting pagkahulog ng tao sa dilim ng pang-aapi, ngunit kasabay nito ang tibok ng pusong tumatangging sumuko. Ang tula'y hindi lamang ulat; ito'y testamento ng pagdurusa at pakikibaka.

**4. Paano Nagiging Epektibo ang Paggamit ng Patayutay na Pahayag sa Pagpapalawak ng Mensahe ng Tula at Pagbibigay Inspirasyon sa mga Mambabasa?**

Ang pagpapahayag ay ang paraan ng pagpapahiwatig ng kaalaman at damdamin sa paraang berbal. Kung berbal na pagpapahayag ang pag-uusapan, maaari itong idaraan sa pamamagitan ng pasulat o kaya'y pasalita. Sa pagpapahiwatig ng mensahe, may paraang tuwiran o kaya'y patalinghaga na kung saan ito ay ginagamitan ng mga simbolismo o kaya'y sa paraang patayutay.

INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY JOURNAL OF RESEARCH FOR INNOVATION, SUSTAINABILITY AND EXCELLENCE
Published by: RISEJOURNALS.ORG | Online ISSN: 3028-032X | Print ISSN: 3028-0370
VOLUME 3, ISSUE NO. 11


Ang tayutay ay isang salita o kaya'y isang pahayag na ginagamit upang bigyang diin ang isang kaisipan o damdamin. Sinasadya ng nagpapahayag na gumagamit ng talinghaga o di- karaniwang paggamit ng salita upang bigyang-diin ang saloobin ng naghahayag. Gumagamit din ito ng mga di-literal na pananalita upang maging mabisa ang ibig sabihin ng sinumang nagpapahayag. Kung minsan, sinadya ng isang tagapagpahayag na gumamit ng tayutay upang hindi magaspang ang pagdinig ng mga salita o pahayag na nagpapahiwatig ng kagaspangan, kagaya ng ng pariralang " Walang hiya" o "Hindi marunong mahiya", ang katagang ito ay sinadyang pinalitan ng patayutay na pahayag bilang "Makapal ang mukha" upang hindi direktang nakakasakit ng damdamin ng sinumang pinapahiwatigan ng mensaheng ito.

Paano ba magiging epektibo ang paggamit ng patayutay na pahayag sa pagpapalawak ng mensahe ng tula at pagbibigay inspirasyon sa mga mambabasa? May mga paraan upang maging mabisa ito, una, ay sa pamamagitan ng paghahanap ng mga denotasyon na kahulugan ng salita o tayutay na ipinahiwatig. Isa sa mga halimbawa nito ay ang pahayag na "Langit ka, lupa ako!"Ang pahayag na ito ay gumagamit ng patayutay na paraan upang mas maganda, kaakit-akit at masining na paraan ng pagpapahayag na tiyak na nakapagpalawak ng diwa at gunita ng sinumang bumabasa o nakakarinig sa mensahe. Dahil ang pahayag na ito'y nagtataglay ng malalim na kahulugan kaya ang nakakarinig sa pahayag na ito ay naggawang palawakin ang kanyang pag-unawa sa mensaheng hatid ng pahayag. Dahil ditto, ito ay maghahatid sa kanyan tungo sa malalimang pag-unawa sa mensaheng naririnig o nababasa upang mapapalitaw niya ang tunay na mensaheng hatid nito.

Pangalawa, upang maging epektibo ang paggamit ng patayutay na pahayag sa pagpapalawak ng mensahe ng tula ay kailangan itong ituro ng mga guro sa kanilang mga mag- aaral. Magkakaroon ng pag-unawa sa mensaheng hatid ng tayutay na ginamit kung ang sinumang nakakarinig sa pahayag ay may dating kaalaman hinggil sa kahulugan ng mensahe. Kung gayon, dapat na isama sa mga nilalaman ng pagkatuto ***(Learning Contents*****)** ang paksang tayutay ***(figures of speech)*** sa mga aralin na tatalakayin ng mga guro sa paaralan. Pagkatapos na maituro ng mga guro ang tayutay at ang mga uri nito, hayaan din ng mga guro na magamit ito ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagpapasulat sa kanila ng komposisyon na nagtataglay ng mga tayutay, o di kaya'y sa paraan ng pagsusuri ng isang panitikan gaya ng mga tula at kwento na nagtataglay ng mga tayutay, simbolismo at iba pang patalinghagang pahayag nang sa ganoon ay masanay ang mga mag-aaral sa paggamit nito sa tamang paraan maging sa kanilang pagsasalita man o kaya'y sa mga komposisyong isinusulat.

Pangatlo, sa pamamagitan ng tamang paggabay ng mga guro, magiging epektibo ang paggamit ng patayutay na pahayag sa pagpapalawak ng mensahe ng tula kasi may malaking tulong sa pagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral ang kahusayan ng guro sa pagtuturo at sa pagsusuri ng mensahe ng tula. Ang lubos na ikauunawa ng mga mag-aaral ay nakasalalay sa kanilang mga guro na gumagabay sa kanila. Samakatuwid, malaking tulong ang tamang paggabay ng mga guro sa paghubog sa kaalaman ng mga mag-aaral lalo na ang gawaing pagsusuri. Dahil ditto, nararapat na marunong din ang mga guro sa gawaing pagsusuri ng tula at sa paggamit ng tayutay sa kanyang pagpapahayag.

Pang-apat, kung naggawa ng tagapagsuri na palitawin ang tunay na mensahe ng tula ayon sa nais niyang ihatid sa mga mambabasa o mga nakikinig , dito natin masasabi na epektibo ang paggamit ng patayutay na pahayag sa pagpapalawak ng mensahe ng tula. Ang tayutay ay nagsisilbi lamang palamuti o dekorasyon sa ating pagpapahayag. Ang mahalaga ay matuklas ang nakatagong kahulugan o mensahe sa likod ng mga salitang binibigay. Kaugnay rito, binigyang diin ni Lumacad (2019), na sa pagsusuri ng tayutay ay hindi madali. Nangangailangan ito ng talas ng isip at malawak na karanasa at pamilyar sa wikang ginagamit ng manunulat. Ang kahusayan sa paggamit ng wika ay isa rin sa mga panangailangan ng sinumang magbabalak na magsuri ng akda. Hindi maggawang magsuri ang sinuman na hindi pamilyar sa wikang ginagamit at sa paraan ng pagpapahayag. Sa gawaing pagsusuri, nangangailangan ito nang maingat na pagbabasa at pag-analisa sa mga mensaheng nakatago mula sa mga pahayag na ipinahihiwatig kung kaya, para sa isang tagapagsuri, kailangan niya na magtaglay ng karunungan upang mas malinaw ang bawat konseptong mangingibabaw mula sa kanyang pagsusuri.

Sa huli, ang paggamit ng patayutay na pahayag ay nakatutulong sa pagpapalawak ng mensahe ng tula at sa pagbibigay inspirasyon sa mga mambabasa kapag nagawa ng tagapagsuri na maibigay ang denotasyon ng kahulugan ng isang pahayag, magawang maituro ng mga guro ang tamang paggamit ng tayutay pati na ang wastong paggabay ng mga guro kung paano ito isasagawa, at kung nagawang mapalutang ng tagapagsuri ang tunay na mensahe ng tula ayon sa ibig na ipahatid ng makata. Sa ganitong paraan, ito rin ay nakapagbibigay ng inspirasyon sa mga mambabasa kasi mas nakawiwiling basahin ang isang tula o anumang akdang pampanitikan kung ito ay nakapaghahamon ng isipan at nadadala sila sa mas matayog na paraan ng pagtatamo ng karunungan gaya ng gawaing pagsusuri sa isang akda. Tunay na nakahahamon ng pag-iisip ang isang akdang kakikitaan ng kariktan, kasiningan at kabisaan, at ang mga ito ay ipinahiwatig sa akdang nagtataglay ng mga simbolismo, patalinghagang pahayag at ang paggamit ng tayutay. Ang

tayutay ay masining at kaakit-akit na pahayag na nagpapalalim at nagpapakulay sa kahulugan. Naging mabisa ang mensahe ng tula dahil sa matalinghagang salita na nagpapahayag ng damdamin at humahaplos sa puso ng mga mambabasa. Dagdag pa rito, nadadala ng tayutay ang mambabasa sa ibang dimensyon, nagbibigay-buhay sa kanilang imahinasyon. Kagaya na lamang sa nabanggit ni Tulsian (2023), na ang paggamit ng tayutay ay nakapagpalalim ng pag-unawa ng mga gumagamit at bumabasa rito. Napapalawak ang kanilang imahinasyon at nagagawang maharaya ang paraan ng pag-interpreta sa mga mensaheng nakapaloob sa akda. Kapag sinadyang ilayo ang karaniwang paggamit ng pahayag, ito ay nakakapukaw sa ating guniguni at imahinasyon kung kaya magiging kawili-wili ito sa pandinig.

Kaya, sa tulang *"Isang Dipang Langit,"* ginamit ni Amado V. Hernandez ang iba't ibang anyo ng patayutay upang mailarawan hindi lamang ang pisikal na hirap ng bilangguan, kundi pati ang emosyonal at makabayang pakikibaka ng isang makata. Nagiging masining, mas matindi, at mas makapangyarihan ang mensahe dahil sa masining na paglalarawan. Sa pamamagitan ng tayutay, napapawi ang tuwirang pagsasalaysay at napapalitan ito ng imaheng may lalim at damdaming nagbubuklod sa makata at mambabasa.

Una, nagpapalawak ng mensahe ang patayutay dahil binibigyang-buhay nito ang karanasang mahirap mailarawan sa simpleng salita. Halimbawa, ang *sandipang langit na puro ng luha* ay hindi lamang tumutukoy sa maliit na bintanang abot-tanaw ng bilanggo, kundi sa makitid na pag-asa at kalungkutan na naghahari sa kaniyang buhay. Sa isang imahen lamang, naipapakita ang kawalan ng kalayaan at kabigatan ng damdamin.

Ikalawa, nagiging epektibo ang patayutay upang ipakita ang kalupitan ng lipunang mapaniil. Ang mga talinghaga gaya ng *bantay na sintalim ng kidlat ang mga mata* at ang kulungang *mandi'y libingan ng buhay* ay nagpapatingkad sa tindi ng inhustisyang dinanas ng persona. Sa halip na direktang sisihin ang makapangyarihan, hinahayaan ng makata na ang mga imaheng ito ang magpabatid ng pait at pang-aapi sa mambabasa.

Ikatlo, ang paggamit ng tayutay ay nagbibigay ng inspirasyon sapagkat ipinakikita nito na kahit ang dilim ay maaaring pagtuboan ng pag-asa. Sa hulíng mga saknong, ginamit ang matapang na talinghaga *hindi natutulog ang tao't Bathala* at *habang may Bastilya'y may bayang gaganti* upang ipakitang ang piitan ay hindi katapusan, kundi bahagi lamang ng mas malaking laban para sa katarungan. Ang tayutay dito ay nagiging sandata ng pag- asa: ang kulungan ay nagiging simbolo ng paglaban, at ang *gintong araw ng tagumpay* ay larawan ng pagbabalik ng kalayaan.

Sa ganitong paggamit, hindi lamang ipinadadama ng tula ang hirap, kundi pati ang lakas; hindi lamang ang luha, kundi pati ang pagbangon. Nagiging salamin ito ng karanasan ng sambayanang dumaranas ng pang-aapi, kaya mas tumitimo ang inspirasyon sa mambabasa.

Sa madaling salita, nagiging lubhang epektibo ang patayutay sa *"Isang Dipang Langit,"* sapagkat pinalalalim nito ang pagpaparating ng mensahe at damdamin. Nagbibigay ito ng matitingkad na larawan ng pang-aapi at pagdurusa, ngunit kasabay nito ay nag-aalok ng pag-asa at lakas ng loob. Sa bawat talinghaga, hinahamon ang mambabasa na huwag sumuko sa harap ng inhustisya at patuloy na maniwalang ang liwanag ay sumisikat kahit sa pinaka-makitid na *isang dipang langit*. Sa ganitong paraan, ang tayutay ay hindi lamang palamuti sa tula kundi matibay na daluyan ng inspirasyon at pag-asa.

Dagdag pa rito, ang pag-unawa sa tula ay nangangailangan ng higit pa sa simpleng pagbasa ng bawat taludtod. Kailangan din itong maramdaman at maiugnay sa buhay ng mga tao. Ang patayutay ay isa sa pinakamahalagang sangkap na nagbibigay-buhay sa tula mga pahayag na lumalayo sa kanilang literal na kahulugan upang magbigay ng mas malalim, mas makulay, at mas makapangyarihang pagpapahayag. Ang makata ay nagpapahayag ng mga damdamin at konsepto na mahirap ipaliwanag sa pamamagitan ng patayutay. Sa ganitong paraan, mas malapit ang mensahe ng tula sa puso ng mga mambabasa.

Kaugnay rito, binigyang diin ni Vega (2019), na sa pagsusuri sa isang tula ay isang pangangailangan ng tao. Kailangan kasi niyang lubos na maunawaan ang mga mensaheng nakapaloob sa akda, at higit na nagagawa niya ito kung may tamang paggabay sa kanya kung paano ito gagawin. Higit pa rito, pinalawig din ni Martinez (2021), na maging matagumpay ang tao sa kanyang pagsusuri kapag siya ay nagtataglay ng karunungan kung paano ito gagawin. Una, iminumungkahi na ang isang tagapagsuri ay dapat na may sapat na kaalaman sa wikang ginamit ng manunulat, at parehong batid ng manunulat at tagapagsuri ang ginamit doon sa akda. Pangalawa, nangangailangan para isang tagapagsuri ang tiyaga dahil ang gawaing ito ay hindi minamadali. Pangatlo, nararapat din sa isang tagapgsuri ng akda na siya ay palabasa upang maggawa niyang paghahambingin ng paraan ng pagsusuri na ginawa ng ibang tagapagsuri. Sinang-ayonan din ito ni Mueller (2024), sa kanyang pag-aaral, lumalabas na mas madalas gamitin ng mga uri ng tayutay sa mga akdang pampanitikan ang pagtutulad, pagwawangis, pagbibigay-katauhan, pagmamalabis, at pag-uyam.

Kaugnay rito, inilahad ni Rebamonte (2021), na ang paggamit ng tayutay ay isang pangangailangan para sa isang akda upang gawing maganda, mabisa, at kaakit-akit ang pagpapahayag ng awtor upang ito ay kalugdan ng kanyang mga mambabasa. Katulad ito ng isang mukhang maganda na tiyak ay tinititigan, ang akda rin kung ito'y

nagtataglay ng kasiningan, tiyak na maiibigan ito ng mga mambabasa, kung kaya sa halip na talikuran ang isang akda, kanya itong babasahin hanggang sa lubos na niyang mauunawaan ng mensaheng nakapaloob dito.

Sa madaling salita, ang patayutay ay epektibo dahil maaari itong magdala ng guniguni, larawan, at damdamin na hindi madaling makuha sa payak na wika. Kapag gumagamit ang makata ng mga tayutay tulad ng mga pagtutulad, pagwawangis, pagmamalabis, personipikasyon, at pagtatambis, nagbibigay ito sa mambabasa ng pagkakataong makita ang mundo mula sa pananaw ng persona. Sa halip na tahasang ilarawan ang hirap, pag-asa, o pagkadismaya, inilalapat ito ng makata sa mga imaheng pamilyar at makahulugan. Dahil dito, mas maunawaan at maramdaman ang nais niyang ipahayag.

Bukod pa rito, ang patayutay ay may kakayahang ipakita ang mga emosyon ng isang tao. Pinalalalim nito ang interpretasyon ng tula at ipinapadama ang kanyang sinasabi. Ang metaporang "*isang dipang langit*" sa tula ni Amado V. Hernandez ay isang halimbawa. Ang akda ay hindi lamang tumutukoy sa lawak ng espasyo, ito ay nagsisilbing simbolo ng pag-asa at paglaban na matatagpuan sa loob ng pagkakabilanggo. Ang kahulugan ay agad na lumawak mula sa personal na karanasan ng indibidwal patungo sa kolektibong kuwento ng pakikibaka ng sambayanan. Ito ay nagpapakita kung paano nagiging tulay ang patayutay sa pagitan ng lipunan at ng indibidwal.

Higit sa lahat, ang patayutay ay maaaring magbigay ng inspirasyon dahil nagbibigay ito sa mga mambabasa ng espasyo para sa kanilang sariling pag-iisip. Ang tula na hindi direktang ipinahayag ay nagpapahintulot sa mambabasa na mag-isip, mag-ugnay, at maghanap ng kanilang sariling interpretasyon. Ang mensahe ng akda ay nagiging mas personal sa proseso ng interpretasyon, parang mayroon itong sariling tinig na dumuduyan sa damdamin ng mga bumabasa. Ito ang dahilan kung bakit, kahit matagal na itong naisulat, patuloy pa rin na nakaaantig ang tula sa mga mambabasa hanggang sa kasalukuyan.

Sa kabuuan, ang patayutay ay nagdudulot ng tunay na kapangyarihan sa tula. Sa pamamagitan nito, pinalalawak ng akda ang mensahe nito at nakikipag-ugnayan ang mambabasa sa mga damdamin at karanasan ng persona. Ang patayutay ay hindi lamang mga pampaganda ng wika, ito ay ginagamit para sa pagpapaliwanag ng mga bagay sa isang mas makahulugang paraan. Dahil dito, ang tula ay buhay pa rin, nagbibigay inspirasyon, nagpapagaan ng isip, at nagpapakilos ng damdamin. Sa wakas, ang patayutay ay nagbibigay-daan sa mas malawak na pag-unawa hindi lamang sa tula kundi pati na rin sa mundong binubuo at pinaparamdam nito sa mga mambabasa.

**MGA NATUKLASAN**

Natuklasan sa pag-aaral na ito na ang tulang “Isang Dipang Langit” ni Amado V. Hernandez ay nagtataglay ng mga tayutay na: Pagtutulad o Simile; Metapora o Pagwawangis; Hayperbole o Pagmamalabis; Personipikasyon o Pagsasatao; at, Oksimoron o Pagtatambis. Sinadya ito ng makata upang pukawin ang malikhaing pag-iisip ng mga mambabasa hinggil sa mga salitang patalinghaga at upang hindi lantaran ang mga mensaheng nais niyang iparating sa mga target na mambabasa. Sa paraang ito, nagiging malikhain, mabisa, at kaakit-akit ang paraang kanyang ginamit lalo na sa mga simbolismo at mga pahayag na kung saan ay nakatago ang kahulugan.

Dagdag pa rito, ang tula ay nabubuo gamit ang uri ng tulang pandamdamin, isa itong uri ng tula na nagpapahayag at naglalarawan ng damdamin ng makata gaya ng pagkalungkot, pagkatuwa, paghihirap, pagsasakripisyo at iba pang damdamin dulot ng iba’t ibang sitwasyon at karanasan sa buhay. Binubuo ng labing-isang (11) saknong na may tig-aapat na taludtod sa bawat saknong. Ito ay umayon sa sukat na tiglalabindalawahan *(12 syllables)* sa bawat taludtod, maliban lamang sa Ika-6 na saknong (*6th stanza)* , pang-apat na taludtod *(verse 4)* na may kabuuang 19 na pantig *(19 syllables)*, siguro ay hindi dumaan sa sensora ang akdang ito. Kung kaya, hindi napansin ang bilang ng pantig sa taludtod na ito.

Ang diwa at himig ng tula ay malungkot dahil ito’y sumasalamin sa kapighatian na sinapit ng persona o mismong bilanggo sa loob ng kulungan ang pagmamaltrato at pagmamalupit na kanyang nararanasan sa loob ng piitan at ang depresyon dulot ng kanyang pagkakakulong.

Ang tulang “Isang Dipang Langit” ni Amado V. Hernandez ay binubuo ng labing- isang (11) saknong na may tig-aapat na taludtod sa bawat saknong. Ito ay umayon sa sukat na tiglalabindalawahan (12 syllables) sa bawat taludtod, maliban lamang sa Ika-6 na saknong (6th stanza) , pang-apat na taludtod (verse 4) na may kabuuang 19 na pantig, siguro ay hindi dumaan sa sensora ang akdang ito. Kung kaya, hindi napansin ang bilang ng pantig sa taludtod na ito.

Ang **indayog ng tula** ay lumilikha ng **maramdaming ritmo** na nagpapalutang sa tensiyon ng pakikibaka at paghihirap. Sa bawat saknong, may malinaw na pagtaas at pagbaba ng emosyonal na lalim—mula sa matinding pagkakakulong at desperasyon hanggang sa kaunting pag-asa at sa huli, tagumpay. Ang diwa ng tula ay radikal at makapangyarihan, na naglalarawan ng determinasyon, moral na paninindigan, at pakikibaka ng indibiduwal laban sa sistemang mapang-api.

Ang tula ay sagana sa **simbolismo**, na nagpapalawak sa *literal* na karanasan ng bilanggo sa antas ng unibersal

na pakikibaka ng tao. Ang *"linsil na puno"* ay simbolo ng limitasyon at panlipunang panghihigpit; ang *"sandipang langit na puro ng luha"* ay sumasagisag sa maliit ngunit makabuluhang pag-asa; at ang *"gintong araw ng tagumpay"* ay simbolo ng kalayaan at katuparan ng paninindigan. Ang simbolismong ito ay nagbibigay-diin sa radikal na tensiyon sa pagitan ng pang-aapi at pakikibaka, kawalan ng kalayaan at pag-asa, at kalungkutan at tagumpay.

Ang **mensahe ng tula** ay malinaw na sa kabila ng pang-aapi, kawalan ng kalayaan, at matinding pighati, ang tao ay may kakayahang lumaban, magtiyaga, at makamit ang katarungan at kalayaan. Ang aral nito ay unibersal: ang determinasyon, katatagan (*resiliency),* at paninindigan sa tama ay pundasyon ng personal at panlipunang paglaya at sa anumang unos na dumarating sa buhay ng tao, mananatili lamang na metatag at magkaroon ng pag-asang makalaya sa mga pagsubok at hamon sa buhay. Mainam din na mananaig ang pananampalataya sa Dakilang Lumikha na Siyang tunay na Makata ng buhay.

Dagdag pa rito, ang tula ay pagsigaw ng makatang nasaksihan ang kalupitan ng bilangguan, karahasan ng estado, kawalan ng katarungan, pagpatay sa karapatang pantao, at ang unti-unting pagkahulog ng tao sa dilim ng pang-aapi, ngunit kasabay nito ang tibok ng pusong tumatangging sumuko. Ang tula'y hindi lamang ulat; ito'y testamento ng pagdurusa at pakikibaka.

Sa kabuuan, ang patayutay ay nagdudulot ng tunay na kapangyarihan sa tula. Sa pamamagitan nito, pinalalawak ng akda ang mensahe nito at nakikipag-ugnayan ang mambabasa sa mga damdamin at karanasan ng persona. Ang patayutay ay hindi lamang mga pampaganda ng wika, ito ay ginagamit para sa pagpapaliwanag ng mga bagay sa isang mas makahulugang paraan. Dahil dito, ang tula ay buhay pa rin, nagbibigay inspirasyon, nagpapagaan ng isip, at nagpapakilos ng damdamin. Sa wakas, ang patayutay ay nagbibigay-daan sa mas malawak na pag-unawa hindi lamang sa tula kundi pati na rin sa mundong binubuo at pinaparamdam nito sa mga mambabasa.

## IMPLIKASYON

Malaki ang papel na ginagampanan ng mga guro na nagtuturo ng wika at panitikan. Mahalagang linangin muna ng mga guro ang kahusayan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika na kung saan ito ay sumasaklaw sa paggamit ng tamang salita, balarila, estruktura ng pangungusap at pati na rin ang mga semantika at sintaks na kung saan ay mahalaga para sa mga mag-aaral na malinnag ito upang maging mahusay sila sa anumang paraan ng kanilang pagpapahayag-pasulat man ito o psalalita. Pangalawa, bukod sa paglinang ng kanilang kahusayan sa paggamit ng wika, mahalaga ring matalakay sa klase ang mga elementong gamit na gamit sa pagsusuri ng akda gaya ng mga patalinghagang pahayag na kinapalooban ng mga simbolismo, salawikain, idyoma at mga kasabihan na kung saan ay ipinapahayag sa paraang pahiwatig.

Para naman sa mga pamunuan ng ***Commission on Higher Education (CHED)*** nakatutulong ito sa pagpapaunlad ng kanilang kurikulum hinggil sa pagpapalawak ng pagsasanay sa tayutay bilang bahagi ng kasanayan na kinakailangang hubugin sa mga mag-aaral. Ito ay magsisilbing gabay ng mga mag-aaral sa paggalugad ng mga akdang pampanitikan at daan upang gawin silang kabahagi sa pagatuyod sa pagpapayabong ng mga panitikan upang maitaguyod at pahalagahan ang kultura sa Pilipinas. Bukod dito, ang pananaliksik ay nagbibigay ng mahalagang impormasyon sa mga tagapamahala ng paaralan tungkol sa mga kakulangan sa aspeto ng wika at panitikan. Upang mapalakas ang pagpapahalaga at malikhaing kasanayan, maaaring isagawa ang mga aktibidad tulad ng paligsahan sa tula o sanaysay, spoken word poetry, at mga workshop sa pagsusuri ng akdang pampanitikan. Sa pamamagitan nito, matutuklasan nila kung paano higit na matutulungan ang mga guro na maging mahusay sa pagsusuring pampanitikan at mapahusay ang kalidad ng pagtuturo sa Filipino.

## KONKLUSYON

Ang tulang "Isang Dipang Langit" ni Amado V. Hernandez na nagtataglay ng kagandahan at kasiningan nang dahil sa mga tayutay, patalinghagang pahayag at mga simbolismo na nakakapaloob sa tula na tiyak na nakapaghahamon ng isip ng mga mambabasa upang mapalitaw ang nakatagong mensahe at kahulugan na bumabalot dito. Sinadyang inilihis ng makata ang karaniwang paggamit niya ng pahayag upang pasarapin ang pag-unawa ng mga mambabasa at gawing malikhain ang kanilang pag-iisip sa tulong nga mga pahayag na hindi direkta. Isang pahiwatig lamang ang kanyang paraan sa pagpapahayag upang mailigaw niya ang mga mambabasa sa tunay na kaganapan sa panahong iyon na sakop ng akda at upang hindi rin maintindihan ng mga sumakop sa bansa natin ang buong mensahe nang sa ganoon ay hindi makasuhan ng sedisyon o pagkakakulong ang sumulat lalo na't ang akda ay tumatalakay sa kalapastangan at pangangabuso ng mga nanakop sa bansa doon sa mga tao at mismong sa bayan natin. Kung kaya, pahiwatig na paraan lamang ang kanyang ginamit upang mailigtas niya ang kanyang sarili sa anumang panganib na hatid ng kanyang pagsusulat ng mga akda. Dagdag pa rito, nagiging palamuti sa isang akda ang mga tayutay, kung kaya, isang napakalaki at napakahalagang gawain ang pagsusuri sa akda dahil nagawa ng tagasuri na ipalalabas ang

tunay na mensahe at kahulugan ng akda nang naaayon sa ibig iparating ng makata sa kanyang mga mambabasa't tagapakinig.

Sa kabuuan, nagkakaroon ng kabisaan sa isip, damdamin at kaasalan ng sinumang tagapagsuri ng tula at magtataglay rin ito ng malaking impak sa kanyang paniniwala at buong pagkatao.

**REKOMENDASYON**

Inrerikomenda sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod:

1. Nararapat ang regular na pagsasagawa ng panunuring pampanitikan lalo na't sa tula dahil sa pamamagitan ng pagpapahayag ng kaisipan ng tula, nagbibigay-daan ito sa may- akda na maipahayag ang perspektiba sa isang masining at kakaibang paraan.
2. Para sa mga guro inirekomenda ang tamang paggabay sa mga mambabasa upang magawa nilang lumikha ng kahulugan sa paraang wasto dahil ang mga imaheng tinutukoy na makikita sa taludtod o saknong ay higit na kahanga-hanga at lumilikha ito ng makulay na imahinasyon sa isipan ng mambabasa, na kung saan nagbibigay daan din ito upang maunawaan nang mas malalim ang mga mensaheng nakapaloob sa tula at mapalilitaw ang nakatagong kahulugan na ibig iparating ng makata sa mga mambabasa.
3. Isali sa mga gawaing pagganap *(performance tasks)* ang panunuring pampanitikan upang masanay ang mga mag-aaral dito at mapalawak pa lalo ang kanilang kasanayan at kaalaman sa akdang pampanitikan.
4. Gamitin ang gabay sa pagsusuri ng tula na inihanda ng mananaliksik upang makatitiyak na tama ang sinusunod na paraan ng pagsusuri.

**Talasanggunian**


Aguila, C. J. (2017). Isang Salamisim sa Pagkabata: Pagsusuri, Pagtuklas, at Ebalwasyon sa mga Kuwentong Pambata na Nagwagi sa Gantimpalang Palanca sa Panitikan https://po.pnuresearchportal.org/ejournal/index.php/normallights/article/ view/38

Alvarado, Elsie T. ( 2012). "*Luha ng Buwaya ni Amado V. Hernandez: Isang Multikritikal na Pagsisiyasat* ". Di-nalathalang Disertasyon: Cebu Normal University. Cebu City

Angel, D. R. (2020). KAKAYAHAN SA PAGSUSURI NG TULA. https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2019/09/V939181187.pdf

Arrogante, Jose A. *et al*. (1983). *Panitikang Filipino: Antolohiya*. Quezon City: National Book Store.

Bennett, Tony (2013). Formalism and Marxism. New York: Routledge.

Cain, Mary Ann S. (2019). Problematizing Formalism: A Double-Cross of Genre Boundaries, College Composition and Communication.

Canoy, P. F. et al. (2022). Pagsusuri sa Patayutay na Pahayag sa Awiting "Kanlungan' na Sinulat ni Romeo Dongeto https://www.globalscientificjournal.com/researchpaper/_Ppdf

Castillo, H. D. & Abagon, B. S. (2021) Ang Kakayahan sa Pagsusuri ng Tula ng mga Mag-aaral na nasa Grade 9 ng Cabangan National High School, Zambales, Taong Panuruan 2020-2021
https://www.ajhssr.com/wp-content/uploads/2021/06/ZK2156275281.pdf

Cuddon, J. A. (1998). The Penguin Dictionary of Literary Terms and Literary Theory. Penguin Books.

Cuyos, Alicia C**.** *(2003*). "Isang Literaturang Pagsusuri sa Florante at Laura". Di-nalathalang Disertasyon: Cebu Normal University. Cebu City

Dinglasan, Resurreccion R. *et al*. (2005). Kritisismong Pampanitikan. Recto Avenue, Manila: Rex Book Store, Inc.

Dissierto, Erlinda C**.** *(2003)*. "Isang Pagsusuring Pampanitikan ng mga Piling Maikling Kwentong Nagwagi sa Gawad Carlos Palanca 1950-1989". Di-nalathalang disertasyon: Cebu Normal University. Cebu City

lorio, Ruane S. *et al*. (2004). Discourse Analysis: Conversation.In N.K Duke & M.H. Mallette(Eds.), Literacy Research Methodologies**.** New York: Guilford.

Fowler, R. (1987). A Dictionary of Modern Critical Terms. Routledge.

Lumacad, C.( 2024). Tayutay Pananaliksik.
https://pdfcoffee.com/tayutay-pananaliksik-pdf-free.html

Gule, I. G. (2020). Pagsusuring istaylistiko sa mga piling Hugot Lines ni Bishop Alberto S. UY: Mungkahing disenyo ng aralin. Academe, 17(1), 84–99.

Lumbera, Bienvenido S. at Lumbera, Cynthia N. (2017). Philippine Literature. Pasig City: History and Anthology. ANVIL Publishing, Inc.

Magbanua, J. L. (2024). Isang Dipang Langit.
https://www.slideshare.net/slideshow/isang-dipang-langit-prepared-by-deareth-joy-l-magbanua/266371038

Marquez, Servillano T. Jr. Ph.D at Garcia, Florante. (2013). Panitikang Pilipino Interaktibo at Integratibong Talakay Alinsunod sa OBE. Books atbp. Publishing Corp. Mandaluyong City.

Miculob, A. R. (2020). Pagsusuri sa mga Piling Fliptop Lines Nina Abra at Loonie: Mungkahing Disenyo Ng Aralin. Academe, 17(1), 54–83. 30.

Molaga, R. (2021). Ano ang Panunuring Pampanitikan? https://brainly.ph/question/18706666

Osborn, A. (2019). Why Is Poetry Important to Our World Today? https://aliceosborn.com/why-is-poetry-important-to-our-world- today/

Paler, Federico L., Jr. (2015). "Formalistic Analyses of Banner Headlines and Leads. Cebu Normal University". Di-nalathalang Disertasyon: Cebu Normal University. Cebu City

Rezeki, S. (2021). Figurative Language and Messages in Poems About COVID-19 file:///C:/Users/LENOVO/Downloads/8715-Article%20Text-39048-1-10- 20210311.pdf

San Juan, Gloria P. *et.al.* (2015). Panunuring Pampanitikan. Sta. Cruz, Manila: Booklore Publishing Corp.

Tupaz, Z. & Martinez, E. ( 2020 ). Jose Corazon de Jesus: Ang Mga Pagtalakay https://josecorazondejesusjournals.tumblr.com/post/6165452874760683 52/entry-6-ang-buhay-ng-tao

William, Carlos W. *A Formalist Perspective of the Use of Force*. (2 April, 2010).Retrieved from: http: voices. Yahoo.com/what_is_formalist_criticism

Yu, Rosario T. (2006). *Kilates, Panunuring Pampanitikan ng Pilipinas*. UP Campus, Diliman Quezon City 1101. The University of the Philippines Press.

Zarate, M., et al. (2019). Review of English Literature on Figurative language applied to social networks. https://www.journal.unrika.ac.id/index.php/jurnalanglo- saxon/article/view/3756

Zein, T. (2022). Stylistics in negeri para bedebah novel (Figure of speech, dictions, morphological). ResearchGate